

ESPIRITUWAL NA AMNESYA



Now I believe, now I believe,
All things are possible, now I believe;
Now I believe, now I believe,
All things are possible, now I believe.

² Manatili tayong nakatayo lamang pansumandali ngayon para sa Salita ng Panginoon. Magsipagbukas tayo sa Amos, ang propeta Amos, sa ika-3 kabanata, simula sa unang talata.

³ Nais kong pasalamatana sina Kapatid na Juanita at Anna Jeanne at Kapatid na babaeng Moore, para sa napakagandang koro ng mga awiting 'yon. May ipinaalala ito sa akin, habang ako'y nakaupo sa banda roon at pinakikinggan iyon. Naalala ko, noong kasama namin sila, na umaawit sa kampanya, nag-uusap kami ni Kapatid na Jack, silang mga babae ay mga munting kabataang babae pa noon, nasa disisais pa lamang, mga nasa ganoon, kabataan pang babae. Ngayon, sa palagay ko, lima na ang anak ni Kapatid na Anna Jeanne, at si Kapatid na Juanita ay may—ay may. . . ay ina na ng dalawang bata. At talagang papalapit na tayo doon sa paglubog ng araw, mga kababaihan, kaysa tayo noon, mga labing-anim na taon nang nakalipas. Hindi na magtatagal, tayo'y tatawid na, doon sa maluwalhati na panahong iyan.

⁴ Ngayon sa Amos ang ika-3 kabanata, basahin natin.

Dinggin ninyo ang salitang ito na sinalita ng PANGINOON laban sa inyo, Oh mga anak ni Israel, laban sa buong angkang na aking iniahon . . . mula sa Egipto, na sinasabi,

Kayo lamang ang aking nakilala . . . lahat ng angkang sa lupa: kaya't aking dadalawin sa inyo ang . . . inyong kasamaan.

Makalalakad baga ang dalawa na magkasama, liban na sila'y magkasundo?

Ungal baga ang leon sa gubat, kung wala siyang nakuhang huli? sisigaw baga ang batang leon sa kaniyang yungib, kung siya'y walang huling anoman?

Malalaglag baga ang ibon sa silo sa ibabaw ng lupa, ng walang silo sa kaniya? lulukso baga ang panghuli mula sa lupa, at hindi magkakaroon ng nahuling anoman mula rito?

Tutunog baga ang trumpeta sa bayan, at ang bayan ay hindi manginginig? sasapit baga ang kasamaan sa bayan, at di ginawa ng PANGINOON?

Tunay na ang Panginoon...ay walang gagawin, kundi kaniyang ipinapahayag ang kaniyang mga lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.

Ang leon ay umungal na, sino ang di matatakot? Ang Panginoon...ay nagsalita na, sinong hindi magpropesiya?

Iyukod natin ang ating mga ulo.

⁵ Panginoong Jesus, ito nawang, Iyong Salita, Panginoon, nawa'y magkaroon kami ngayong gabi ng pakikisama sa palibot ng bahaging ito. Dalangin namin, Panginoon, na Iyong ipagkaloob sa amin ang nilalaman ng naturang teksto, upang kami'y makapag-umpisa mula rito, at ito nawa'y magbigay kapurihan sa Iyo. Pagpalain po kami habang kami'y naghihintay, Panginoon, sa gabing ito, sa Iyong Salita. Pagalingin Mo po ang mga maysakit at ang mga may karamdaman. Iligtas po ang mga naligaw. Bigyan Mo po ng kalakasan ang mga nanlulupaypay, Panginoon, na nanghihina na, maging sa pisikal at sa espirituwal. At pagkalooban Mo po kami ng isang malaking pagbuhos ng Iyong Presensiya, sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

⁶ Nais kong talakayin bilang isang teksto, mula rito, ngayong gabi ang: *Espirituwal Na Amnesia*.

⁷ Huwag kalimutan, bukas, ito'y magiging pananalangin para sa mga maysakit bukas. Umaasam tayong ang Panginoon ay gagawa ng lubos na dakilang mga bagay, bukas ng alas-dos ng hapon, kung saan tayo...kapag sinimulan natin ang ating mga gawain. Ang anak ko'y darating dito para magpamigay ng mga prayer card. At ipanalalangin lahat ang mga nagnanais na maipanalangin. At umaasam tayo ng isang dakilang panahon, bukas, sa Panginoon.

⁸ Ngayon kayong mga tao na naririto, na bumibisita galing pa sa ibang bayan. Alalahanin, may mainam, na mga iglesyang full Gospel sa buong siyudad. Malugod kayong tatanggapin sa lahat ng mga iyon.

⁹ Kakausap ko lamang sa isa sa aking mga kasamahang pastor, sa labas, na kapapasok lamang, si Kapatid na Jackson, na pormal na isang taga-Methodist na iglesya, doon sa una o pangalawang siyudad sa ibaba natin.

¹⁰ At ilan ang naririto na may kaugnayan sa tabernakulo, patingin nga ng inyong mga kamay, saan mang dako. Naku, ako'y siguradong—siguradong nagagalak na makasama kayo rito. Ito ang pinakamalapit na pagtitipong napuntahan ko sa Indiana sa loob ng mahaba-habang panahon. Iniisip ko ang tungkol sa muling pagbabalik, na nalalapit na, at ang pagtatayo ng isang tolda at ang pagtatalakay sa pitong huling Trumpeta, kung loloobin ng Panginoon.

¹¹ Kaya, ngayon, pero tandaan n'yo bukas. Huwag itong kalilimutan, bukas ng alas-dos. At, ngayon, magsisimula ang ating susunod na gawain sa susunod na linggo, sa Tampa, Florida.

¹² Ngayon nais kong mangusap tungkol sa: *Espirituwal Na Amne-...Amnesia*.

¹³ Ngayon, itong munting tao na ating pinag-uusapan, si Amos, para sa isang saglit lamang, upang makakuha tayo ng batayang-kaalaman bago tayo dumako sa teksto. Ito'y noong panahon ng dakilang kasaganahan sa Samaria. Nanagana noon ang Israel. Talagang sila'y nakiayon na sa sanlibutan at nanagana.

¹⁴ Hindi palaging ang kasaganaan ay tanda ng isang espirituwal na mga pagpapala, kundi kung minsa'y kabaligtaran pa. Iniisip ng mga taong siguro'y kailangan mong magmay-ari ng napakaraming mga bagay ng sanlibutan, at magpapakita na na pinagpapala ka ng Diyos. Hindi iyon totoo. Kung minsan ito'y kabaligtaran pa nga.

¹⁵ Ngunit nasumpungan natin, siya, wala tayong gaanong nalalaman tungkol sa munting taong ito. Siya, wala tayong kasaysayan, kung saan siya nagmula. Alam nating siya, ayon dito sa Kasulatan, isa siyang tagapastol, subalit pinalitaw siya ng Diyos.

¹⁶ Para ko nang nakikini-kinita, sa isang maalinsangang araw doon sa Samaria, ang isa sa mga kilalang bayan na dinarayo ng mga turista sa mundo nang panahong iyon. Na isang halos katulad ng, sabihin na nating, Miami, o—o Hollywood, Los Angeles, ilan sa mga lugar na iyon na gaya niyan, isang kilalang lugar para sa mga turista. At parang sadyang nakikini-kinita na natin siya. Hindi pa siya kailanman nakapunta sa ganoong bayan. Subalit, nasa kanya ang Salita ng Panginoon, paparating siya noon sa kilalang bayang ito kung saan ang kasalana'y talamak na sa lahat ng dako. Ang mga ministro'y nagsilayo nang lahat mula sa Salita ng Diyos, at hindi pa sila nagkaroon ng isang propeta sa loob ng mahabang panahon.

¹⁷ At kaya ang munting lalaking ito, nang marating niya ang tuktok ng burol, na mga nasa bandang hilaga ng Samaria, para ko na siyang nakikini-kinita, ang mainit na araw na sumisikat, at ang abuhin niyang balbas sa kanyang mukha, at naningkit ang kanyang munting mga mata, at ang kanyang munting, kalbong ulo'y nangintab na, habang nakatunghay siya doon sa bayang iyon. At naningkit ang kanyang mga mata. Hindi siya nakatingin sa kung ano ang pangkaraniwang nakikita ng mga turista, para puntahan sa isang bayan at pagmasdan ang lahat nitong nakamamanghang ganda. Tumunghay siya at nakita kung ano nang tanawin ang kinahinatnan ng bayang iyon, isang bayang dati'y siyang bayan ng Diyos, at noon nga'y

humantong na sa isang pagkasirang moral nang ganoon. Hindi nakapagtataakang . . .

¹⁸ Itong munting, hindi kilalang lalaki ay si Amos na propeta. At ngayon wala tayong gaanong nalalaman tungkol sa kanya. Hindi natin alam kung saan siya nanggaling. Ang mga propeta'y karaniwan nang dumarating sa tagpo, nang hindi kilala, lumilisan sa gayon ding paraan. Hindi natin alam kung saan sila nanggaling, kung saan sila patungo, walang alam tungkol sa kanilang mga pinagmulan. Basta na lamang silang pinalitaw ng Diyos. Hindi siya gaanong kapansin-pansin, subalit nasa kanya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Iyon ang pinakamahalagang bagay na tinitingnan ko. Siyempre, nagpunta siya sa Samaria upang simulan ang kanyang kampanya. Sigurado akong hindi siya nagkaroon ng pakikipagtulungan mula kanino man. Wala siyang fellowship card mula sa alin mang denominasyon. Wala siyang mga kredensiyal na maipapakita kung sa anong grupo siya nagmula. At, subalit, mayroon siyang isang bagay, mayroon siyang Salita ng Panginoon para sa bayang iyon.

¹⁹ At iniisip ko, kung dadalhin kaya natin si Amos, ngayon, dito sa panahon natin, iniisip ko kung tatanggapin kaya siya sa siyudad natin ngayon. Iniisip ko kung tatanggapin kaya natin siya, o gagawin kaya natin kung ano ang ginawa nila noon. Masusumpungan natin ang ating siyudad sa gayon ding kabulukan. At masusumpungan natin na ang kasalanan ay sadyang talamak na rin sa mga tao, gaya nito noon. At iniisip ko, kung itong munting, di-kilalang tao, papaano kaya niya sisimulan ang kanyang kampanya? Papaano kaya, saan kaya siya magsisimula? Anong iglesya kaya ang kanyang pupuntahan, o sino kaya ang makikipagtulungan sa kanya? Wala siyang anumang maipapakita kung saan siya nanggaling, wala siyang kahit ano man lang maliban sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON para sa naturang bayan.

²⁰ Nasumpungan niya silang labis na ang kabulukan at labis na ang moral na kasiraan, isa itong matinding panahon noon. Ang mga kababaihan sa bayang iyon ay halos naging katulad na rin ng sa Estados Unidos. Naging grabe na sila. Lahat ng inasahan ng Diyos mula sa kanila, doon pa sila mismo napunta sa kabaligtarang direksyon. At—at nasumpungan natin na isa itong maluhong lugar kung saan sila nagkakaroon ng mga sayawan sa lansangan, mahalay na inaalis ng mga kababaihan ang kanilang mga kasuotan, at kung anu-ano pa, na gaya ng itinatanghal na paghuhubad. Siyempre, isa iyong pampublikong palabas noong mga panahong iyon, ngayon araw-araw na ito. Hayaan lamang na umunit ang panahon, at hindi n'yo na kailangan pang magtungo sa anumang gayong palabas. Nasa lansangan na silang lahat, saan mang dako, ano't ano man. Mahiya kayong

mga kababaihan, na gumagawa ng ganyang bagay! Hindi ba kayo nahihiya sa sarili n'yo?

21 At pagkatapos—at pagkatapos ay sinabi ko iyan sa isang babae rito, hindi pa katagalan, at sinabi niya, “Aba,” sabi niya, “Kapatid na Branham,” sabi, “iyan, iya’y—sadyang gaya lamang iyan ng iba pang mga kababaihan.”

22 Sabi ko, “Pero hindi tayo nararapat umasta na gaya ng lahat ng iba pang mga tao. Iba tayo. Tayo ay isang—isang naiibang katauhan.”

23 Nagpaalala tuloy sa akin ng isang babae, sabi, “Buweno, Kapatid na Branham,” sabi ng isa pa, “ako—ako—hindi ako nagsusuot ng mga shorts na iyon.” Sabi, “Pantalón ang isinusuot ko.”

24 Sabi ko, “Mas malala ’yon.” Uh! “Sinabi ng Diyos, ‘Ito’y karumal-dumal,’ sa Kanyang paningin, ‘para sa isang babae na magsuot ng kasuotang nauukol sa isang lalaki.’” Talagang tama iyon.

Sabi naman ng isa, “Buweno, hindi sila gumagawa ng iba pang mga damit.”

“Gumagawa pa rin naman sila ng mga makinang pantahi at mayroong mga kagamitan.”

25 Walang maidadahilan. Ito’y sadyang kung ano ang nasa puso. Iyon ang naipapakita sa labas. Ito—ipinakilala nito ang sarili nito.

26 At nasumpungan natin ngayon, sa bayang ito, na naging bulok na ang moralidad nito. Natatakot ang mga mangangaral na magsalita ng anumang tungkol dito. At, ngunit mayroon silang isang munting, papaakyat sa burol ang munting matandang lalaking ito, paparating na upang sabihin sa kanilang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, “Linisin ang bagay na ito, o kung hindi ay dadalhin kayong mga bihag.” At naabutan niyang makita ang panahon ng katuparan ng kanyang propesiya. Nagpropesiya siya sa mga panahon ng Ikalawang Jeroboam, na isa lang namang itinakwil, kung tutuusin; kanya—kanyang pinaboran ang ibang mga bansa. At—at nagpropesiya itong munting si Amos at sinabi sa kanila, sabi niya, “Ang mismong Diyos na inyong sinasabi na pinaglilingkuran ninyo, Kanyang lilipulin kayo.” At ginawa nga Niya.

27 At kung makapaparito ang Kanyang tinig ngayong gabi, sa...sa Birmingham, sasaysayin nito ang gayun ding bagay sa mga iglesya. “Ang mismong Diyos na inyong sinasabing pinaglilingkuran ninyo, ay lilipulin kayo balang araw.” Hindi ako nangungusap dito sa mga tagapakinig dito. Tutungo ang mga teyp na ito sa buong mundo. Ngayon, tandaan, iyon ay totoo.

28 Pagkatapos ay napag-alaman niya, nang makarating siya sa naturang bayan, na siya...lahat ng bagay na ito, iniisip

ko kung ano kaya ang kanyang naramdaman na mamasdan at makita yaong kabulukan ng mga tao ng Diyos, na pinagsuguan sa kanya.

²⁹ Iniisip ko kung tatanggapin kaya natin siya ngayon? Kung papasok siya, tayo kaya—makikipagtulungan kaya tayo sa kanya? Ibibigay kaya natin sa kanya ang ating—ang pinakamabuti natin? Pagtutuunan kaya natin siya ng ating pansin? Magsisipagsisi kaya tayo kung kanyang sabihin sa ating bumalik na sa Salita ng Panginoon at gawin ang paraang sinabi ng Panginoon na gawin nga natin?

³⁰ Iniisip ko kung ano kaya ang gagawin ng ating mga kapatid na babae tungkol sa kanilang putól na buhok? Hahayaan kaya nilang muling humaba ang kanilang buhok, kung paparito si Amos? Ipapangaral niya ito, at sinasabi ko na sa inyo 'yan, dahil iyan ang Salita ng Panginoon.

³¹ Ako—iniisip ko kung ang ating—kung ang ating mga kapulungan na nagtatalaga ng mga diakono, ay nag-asawa na nang tatlo o apat na beses, at—at kung anu-ano pang ganoon, at pinipilit na maging mga diakono, iniisip ko kung ang lahat ng mga ganitong bagay. Iniisip ko kung ano ang gagawin niya sa lalaking hahayaan ang asawa nito na magsuot ng shorts at lumabas sa lansangan doon, at magtabás sa bakuran, nasa labas sa bakuran, gayong may dumaraan na lalaki? Iniisip ko kung ano kaya ang sasabihin niya sa ganoong lalaki?

³² Tiyak na tutuligsain niya ito nang buong lakas niya, sapagkat nasa kanya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at wala na siyang iba pang magagawa kundi iyon. Nadatnan niya sila noong panahong iyon na may isang malubhang uri ng sakit, espirituwal na amnesia, at ganoong-ganoon din ang taglay natin ngayon.

³³ Ngayon, paano niya nalaman kung ano ang mangyayari? Paano kaya malalaman ni Amos? Una, isa siyang propeta. At, ang kasunod na bagay, alam niya dahil sa sakit kung ano ang mga susuriin, at malalaman na niya kung ano ang mga resulta.

³⁴ Kung titingnan ng isang doktor ang isang kalubhaan at makikita na ang kalubhaang iyon ay kumapit na, alam niyang wala nang nalalabi pa kundi kamatayan. Iyon na, malibang may gawin ang Diyos tungkol doon.

³⁵ Buweno, kapag tumingin kayo sa isang siyudad, at tumingin kayo sa mga tao, tumingin kayo sa isang iglesya, at tumingin sa mga taong lubha nang napakalayo mula sa Diyos, wala nang iba pang magiging pagkakasuri kundi, “Kasalanan! ‘At ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.’ Mamamatay na ito.” Ang pagkakasuri ang nagpapatunay kung ano ito. Nakita ninyo, kapag lumayo ang mga tao sa Diyos at ayaw nang makinig sa Salita, wala nang paghahangad para sa Salita, kung gayo’y mayroong iisang pagkakasuri rito, “Ang kaluluwa na

nagkakasala, ang kaluluwang iyon ay mamamatay.’ Ang di-pananampalataya ang maghihiwalay sa inyo mula sa Diyos.” Talagang tama iyan.

³⁶ Na, alam niya kung ano ang sakit, kung ano ang mga resulta, kapag nakita niya ang sakit ng—ng kasalanan na nasa bayang iyon.

³⁷ Ngayon, itong amnesia, sinabi sa atin na ito ay isang—isang—isang. . . magdudulot sa inyo na mapasa isang dako kung saan hindi na ninyo makilala ang inyong sarili. Ngayon, isa itong di-pangkaraniwang bagay. Hindi ito madalas mangyari, ngunit ang mga sanhi nito ay mula sa pagkasindak. Ito’y sinumang tao na ni hindi kilala kung sino sila. Matatagpuan ninyo ito sa mga digmaan, kung minsan, nagkakaganito ang mga sundalo. Kung minsa’y nagkakaganito ang mga tao. Ang isa pang bagay na nagdudulot nito, ay ang pag-aalala. Nagiging bunga ito ng pag-aalala.

³⁸ Walang anumang taglay na kabutihan ang pag-aalala, ni katiting man. Siyanga, sadyang—sadyang—sadyang iwasan ninyo ang pag-aalala, at tanggapin ang pananampalataya.

³⁹ May isang nagsabi, “Buweno, ngayon, paano kung babarilin ka na kinabukasan, hindi ka ba mag-aalala?”

Sabi ko, “Hindi, sa tingin ko’y hindi.”

“Bakit?”

Sabi ko, “Walang anumang magagawa ang pag-aalala kundi palalain ako.”

“Buweno, anong buting magagawa ng pagkakaroon ng pananampalataya?”

Sabi ko, “Maaari akong iligtas nito.” At tama iyon, kita n’yo.

⁴⁰ Kaya walang taglay na kabutihan ang pag-aalala, ni katiting man, subalit taglay ng pananampalataya ang lahat ng kabutihan. Manampalataya!

Ngayon ang pag-aalala ay nagdudulot nito kung minsan.

⁴¹ At ang isa pang bagay na idinudulot nito sa mga tao, ay ang paggitna sa dalawang palagay. Magdudulot iyon ng amnesia. At dadalhin kayo nito sa lugar kung saan kayo—kayo, sa totoo, ang ginawa ninyo, nawala na kayo sa inyong mga katuwiran. Nawala na kayo sa inyong katinuan. Hindi ninyo magawang. . . Hindi ninyo kilala kung sino kayo. Hindi ninyo makilala ang inyong sarili. Makakapaglakad-lakad kayo, makakakain at lahat na, subalit, kayo, hindi n’yo pa rin makilala ang inyong sarili. Nakamit ninyo ang inyong mataas na kaalamang pang-edukasyon, kaya ninyong. . . siya ring pinag-aralang nakamit ninyo, subalit hindi ninyo alam kung saan ito nanggaling, hindi ninyo alam kung sino kayo, kung saan kayo kabilang. Amnesia iyon, gaya ng sinabi sa atin.

⁴² Nakikilala tayo sa pamamagitan ng ating mga pamilya, sa buhay na ito ng tao, sa pamamagitan ng pag-aasawa. At sa pamamagitan ng ating mga asawang babae, ay naikakasal tayo, at ang ating pamilya ay nakikilala sa pamamagitan ng pagsasama sa ating—ating—ating kasal. At pagkatapos, ano ang iisipin, paano kung mangyari sa inyo ang nakapangingilabot na bagay na ito at hindi ninyo magawang maalala kung sino ang pinakasalan ninyo, kung sino ang inyong asawang babae, alin ang inyong mga anak, sino ang inyong ama at ina, sino ang inyong kapitbahay? Iyo'y magiging isang—isang nakapangingilabot na bagay.

⁴³ Pagkatapos ay nakikilala tayong, muli, makikilala ang mga sarili natin sa lahi ng tao, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng karunungan at—at sa pagiging kaiba sa buhay ng hayop. Hindi nakapag-iisip ang hayop, nakikiramdam lamang siya sa pamamagitan ng mga tunog. Wala siyang kaluluwa. At, ngunit, buhay ng hayop tayo. Ang kaibahan natin. . . Isa tayong mammal, subalit ang. . . Yung mammal ay isang hayop na mainit ang temperatura ng katawan, at tayo ay nasa katangian ng hayop. Subalit ang kaibahan natin, nakikilala tayo sa pagkakaroon ng kaluluwa, isang budhing nagsasabi sa atin ng tama at mali.

⁴⁴ Ngayon mayroong isang dako, na kapag nagkaroon kayo nitong amnesya, ay maaari kayong matulad kay Nebuchadnezzar, na iyon, na minsang itinaas ang kanyang sarili, at hinayaan siya ng Diyos na isipin na isa siyang hayop. At nanahan siya sa ilang at—at nanginain ng damo na gaya ng isang bakang lalaki. At—at ang kanyang—kanyang buhok ay humaba na sa kanyang katawan, na gaya ng mga balahibo ng agila, at nagkaroon siya ng puso ng isang hayop sa kanya. Kita n'yo? Iyon ay amnesya, sapagkat kanyang nakalimutan na isa siyang hari. Nakalimutan niya na isa siyang tao. At inakala niya na isa siyang hayop, kaya umasal siya na parang isang hayop, dahil nakalimutan niya na isa siyang tao.

⁴⁵ Napakadali niyan, ngayon. At nakakalimutan natin, kung minsan, kung ano nga ba ang Iglesyang Cristiano. Umaasta tayong gaya ng sanlibutan. Ipinapakita niyan na mayroon tayong espirituwal na amnesya, dahil hindi ka kumikilos na gaya ng isang Cristiano. Umaasta ka na gaya ng sanlibutan. Tinanggap mo ang puso ng sanlibutan, at ito ang nagdulot nito.

⁴⁶ Dito ay ating—ating napag-aalaman na ang Israel ay naglantad, ay nalantad sa sanlibutan, at nahulog sa kabulukang ito. At isinugo ang propetang ito upang hukayin sila paahon mula rito, kung makakaya niya, at upang sabihin sa kanila. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ay pinili ang Israel buhat sa lahat ng iba pang mga pamilya sa lupa. Biyaya ang gumawa niyon. Ipinagkaloob Niya sa kanila ang mga piling lupain. Pinagkalooban Niya sila ng mga tirahang hindi na nila

kailanman kinaailangang itayo pa. Ang Diyos ang gumawa niyon, na pinili sila. Pinagkalooban Niya sila ng mga bukirin na hindi nila kailanman binili. Kanyang—Kanyang pinagkalooban sila, pinagkalooban Niya sila ng pagkain na hindi nila kailanman itinanim. Pinagkalooban Niya sila ng mga balon na hindi nila kailanman hinukay. Pinagkalooban Niya sila ng mga tagumpay na hindi nila kailanman pinanalunan. Pinagkalooban Niya sila ng biyaya na kailanman ay hindi nila dapat nakamit. Ang Diyos ang gumawa niyon sa pamamagitan ng Kanyang biyaya para sa bayang ito, ang Israel, ang Kanyang pinili, ang Kanyang iniibig.

⁴⁷ At sinabi niya, sa Biblia, “Kanyang natagpuan siya sa parang, gaya ng isang batang babaeng nakahandusay sa kanyang sariling dugo, at Kanya siyang hinugasan at nilinis siya, at kung ano pang ginawa Niya. Subalit matapos ipakita ng Diyos ang lahat ng mga kahabagang ito sa kanya, at siya’y naging mayaman,” nagkaroon siya ng amnesia, amnesia, “at nakalimutan na niya ang lahat ng tungkol sa kung saan nanggaling ang mga bagay na ito.”

⁴⁸ Sa tingin ko’y isa iyong larawan ng U.S.A., 1964. Dumaranas na ito ng gayon ding uri ng sakit. Tayo ay napakamakapangyarihang mga iglesya. Tayo’y isang dakilang, makapangyarihang mga tao. Milyun-milyon ang ating bilang, at nakalimutan na natin kung saan nanggaling ang mga bagay na ito.

⁴⁹ Mayroon silang malubhang kaso nito. Matapos na maging mabuti sa kanila ang Diyos, at kunin sila mula sa lahat ng mga paganong lupain, at gawin silang isang ibinukod na bayan, ibinukod sila para sa Kanyang Sarili. Kanyang sinabi, “Siya ay kumuha ng isang puno mula sa ibang bayan at itinanim ito doon sa ibang bayan, at gaano Niya ito isinaayos upang ito’y mamunga at maging mabunga, subalit nakalimutan ng puno kung saan nanggaling ang mga biyaya nito.”

⁵⁰ Gayun din ang mga tao ng Diyos, sa mga huling araw na ito, ay nakalimutan na kung ano ang kahulugan ng patotoo ng pagiging isang Cristiano. Ito ang, amnesyang ito ay napasa mga tao muli. Hindi na nila makilala ang kanilang mga sarili.

⁵¹ Sila, nakalimutan na nila ang lahat ng tungkol Dito. Nakalimutan na nila ang Kanyang kabanalan. Nakalimutan na nila ang Kanyang kautusan. Ang mga kababaihan naman ay namumuhay na gaya ng iba pang mga kababaihan.

⁵² Ang Iglesya ng Diyos at ang Kanyang bayan ay dati nang laging, “Isang ibinukod na bayan, isang—isang tinawag na bayan, isang kakaibang bayan, isang bansang banal, isang banal na pagkasaserdote; na nangagsisipaghandog ng mga espirituwal na hain sa Diyos, ang mga bunga ng kanilang mga labi, nagbibigay ng papuri sa Kanyang Pangalan.” Tinawag ng Diyos ang Kanyang Iglesya at ibinukod Ito sa sanlibutan, para sa

mismong layuning iyan. At binigyan Niya ito ng isang kautusan, at Siya, Ito, ay dapat na maging banal. Kanyang sinabi, “Ako ay banal, at kayo ay marapat na maging banal, at kung walang kabanalan ay walang makakakita sa Panginoon.” Sinabi ’yan ng Diyos, Mismo.

⁵³ At Kanyang tinawag ang bayang ito upang maging ganitong tipo ng bayan, subalit kanilang nalimutan na ang tungkol dito. Kanilang nalimutan na ang Kanyang mga utos, at kanilang nalimutan na ang kanilang mga moral. Ang mga kababaihan ay nangasa lansangan, naroon ang mga kababaihang Israelita, na umaasam ang bawat isa na—na maglilihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, upang isilang ang Mesiyas, at pagkatapos ay umaasta nang paganoon. Malala na ang kanilang pag-uugali.

⁵⁴ Gusto kong huminto rito sandali, upang sabihin na ganoon din ito sa gitna ng ating mga tao, ngayon, na tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Cristiano. Ang kanilang pag-uugali, kung inyo lamang mapagtatanto!

⁵⁵ Minsan, sa Timog. May nabasa akong isang kuwento mula doon, kung saan noong may mga alipin pa sila. Kinukuha nila ang mga taong iyon at ipinagbibili sila sa pamilihan, na para lamang isang gamit na na kotse. At pagkatapos ay mayroon doong isang mamimili, isang ahente, na nagpupunta at kinukuha ang mga aliping ito at ikinakalakal sila, at sadyang gaya lang ng ginagawa ninyo sa isang kotse o anuman.

⁵⁶ At malayo ang mga aliping iyon sa kanilang bansang sinilangan. Nagmula sila sa Africa. Dinukot sila ng mga Boer, dinala sila sa mga kapuluang ito, at pagkatapos ay ipinuslit sila papasok ng Estados Unidos at ipinagbili sila bilang mga alipin, buhat doon sa Jamaica at sa mga kalapit na lugar.

⁵⁷ Ngayon makikita nating malulungkot ang mga taong iyon. Dinukot sila mula sa kanilang sariling tahanan. Tinangay sila ng mga kaaway, at malulungkot sila. Hindi na nila kailanman makikita pa ang kanilang asawang lalaki, o ang kanilang asawang babae man, ang kanilang tatay at nanay, ang kanilang mga anak. Lubos na silang . . . Kinailangan nila silang hagupitin, gamit ang mga latigo, para mapagtrabaho sila, dahil sila’y malulungkot na mga tao.

⁵⁸ At isang araw, nagdaan ang isang ahente sa isang plantasyon, nakakita siya ng isang grupo ng mga aliping nagtatrabaho roon. At siya—siya’y pumasok at tinanong ang may-ari, sabi, “Gaano karami ang mga alipin mo?”

Sabi, “Mga isandaan.”

Sabi, “Mayroon ka bang maipagpapalit o maipagbibili?”

Sabi nito, “Oo.”

Sabi, “Titingnan ko sila.”

59 At nagtungo siya sa bukid at pinanood sila, at nakita niyang kinakailangan pa nilang latiguhin sila. At maya-maya, nakita niya ang isang kabataang lalaki na hindi na nila kailangan pang latiguhin. Nakaliyad ang dibdib nito at nakataas ang baba nito; hindi na ito kailangang latiguhin pa. Kaya sinabi ng ahente, “Gusto kong bilhin ang aliping iyon.”

At sabi nito, “Pero hindi siya ipinagbibili.”

60 Sabi niya, “Buweno, ano bang kaibahan ng aliping iyon?” Sabi, “Ang alipin bang iyon ang pinuno ng iba pa sa kanila?”

Sabi nito, “Hindi, isa lamang siyang alipin.”

Sabi niya, “Buweno, iba marahil ang ipinapakain mo sa kanya.”

Sabi nito, “Hindi, kumakain siya sa kusina kasama ang iba pa sa mga alipin.”

61 Sabi niya, “Buweno, ano’ng nakapagpaiba nang husto sa kanya kumpara sa iba pang mga alipin?”

62 Sabi nito, “Buweno, ito’y ipinagtaka ko, rin, nang mahabang panahon. Pero nalaman ko isang araw, na, doon sa bayang sinilangan kung saan siya nanggaling, hari pala ng isang buong tribo ang ama niya. At bagama’t isa siyang dayo, at malayo sa tahanan, gayunma’y alam niyang anak siya ng isang hari, at siya—kumikilos siya na parang anak ng isang hari.”

63 Naisip ko, “Na, iyon, kung ang isang Negrong nagmula sa Africa, at alam na kabilang sa isang tribo ang kanyang ama at isang hari sa isang tribo, ano pa kaya dapat ito sa isang Cristiano na ipinanganak na muli, isang lalaki o isang babae, na ang ating Ama ay ang Hari ng Kalangitan sa Kaluwalhatian!” Dapat tayong kumilos na gaya ng Cristianong mga lalaki at mga babae. Dapat tayong kumilos na gaya nito, manamit na gaya nito, mangusap na gaya nito, mamuhay na gaya nito. Bagama’t tayo’y isang dayo, gayunma’y mga anak tayo ng Hari. Amen.

64 Ang ating pag-uugali, ang ating kababaang-moral sa panahong ating kinabubuhayan ngayon! Nahulog ang Israel sa gayon ding kabulukan at naging imoral din. Nalimutan na nila ang mga utos ng Diyos, “Huwag kang mangangalunya, at huwag mong pagnanasaang maangkin ang asawa ng iyong kapitbahay,” at iba pa. Nakalimutan na nila ang mga kautusang iyon. Kanila—kanila—hindi na nila ito nais pa. At sila—ninais nila na—na maging tulad ng iba pa ng sanlibutan, gaya ng nakuha ng iglesya ngayon.

65 Isang beses, ang Israel, noong nagsimula sila, ay nagnais na magkaroon ng isang hari doon. Sinabi sa kanila ni Samuel, ang propeta na siyang isinugo sa kanila, sabi niya, “Ngayon nagsabi na ba ako sa inyo ng anumang Pangalan ng Panginoon maliban sa kung ano lamang yaong nangyari?”

Sabi nila, “Hindi, hindi pa.”

66 “Nanghingi na ba ako sa inyo para sa aking pagkain at salapi, ng inyong salapi, rin, para sa ikabubuhay ko?”

67 “Hindi, hindi mo pa iyon ginawa. Wala ka pang sinabi sa aming anuman, Samuel, kundi kung ano lamang ang nangyari. At hindi ka kailanman humiling sa amin ng aming salapi, para sa iyong ikabubuhay. Subalit, ganun pa man, nais pa rin namin ng hari.”

68 Sinabi ng Diyos kay Samuel, “Hayaan mo silang magkaroon niyon. Hindi ikaw ang tinanggihan nila; Ako ang tinanggihan nila.”

69 Humantong ang Israel sa gayon ding kalagayan ngayon. Hindi na nila gusto ng mga propeta ng Diyos. Hindi na nila sila kailangan. At kung may isang darating, at maghahatid sa kanila ng Salita, at sisikapang ipanumbalik sila sa Salita, kanila Itong tatanggihan. Ginagawa nila ito sa tuwina, sa paraang iyon ng kabulukan.

70 Nang pagsamahin ng sanlibutan at ng iglesya ang sarili nito, nang magkagayo’y ayaw na nila ng anumang espirituwal. Hindi nila gusto ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ang gusto nila ay kung ano ang gusto nila. Gusto nila ang sanlibutan, at sabihin pa na isa silang Cristiano; at nabubuhay sa sanlibutan, at namumuhay kasama ng sanlibutan, at namumuhay na gaya ng sanlibutan, at pinananatili pa rin ang kanilang pagpapahayag ng pagiging isang Cristiano. Alam n’yo, ang sanhi nito ay, ito’y espirituwal na amnesia. Tumpak na ito nga iyon. Hindi nila alam kung sino sila. Nakalimutan na nila kung ano nga ba ang dapat nilang ginagawa.

71 Kung may isang darating ngayon, na gaya niyon, itatakwil lang din ito. May malubhang kaso na sila nito, at gayon nga sila ngayon. Hindi na nila magawa pang iugnay ang kanilang mga sarili sa mga supernatural na bagay, dahil hindi nila ito gusto. Ang Salita, ang Ebanghelyo, hindi nila Ito gusto. Sila ay tinamaan na ng sakit na kasalanan, at gustung-gusto nila iyon.

72 Ang kasalanan ay kalugud-lugod sa pusong hindi nagbalik-loob. Maganda itong tingnan sa kaisipang hindi nagbalik-loob, subalit ito’y ang daan ng kamatayan. Wala nang nalalabi pa kundi kamatayan. “Ang mga kabayaran ng kasalanan ay kamatayan,” at nararapat ninyong anihin ang mga kabayaran iyon. Naghasik kayo sa mga hangin, at ngayo’y inaani na ang buhawi.

73 Ang espirituwal na mga tanda at ang pangangaral ng isang inatasang sugo mula sa Diyos, ay hindi na sila napapakilos pa. Nagagawa na ng mga kababaihang pagtawanan sila nang harapan, at sabihing, “Hindi ko naman kailangang magpunta pa para makarinig ng ganyang bagay.” Kung hindi ba naman iyan muling naulit! Ano pa nga ba iyon? Espirituwal na amnesia,

tumpak na ito nga. Nakalimutan na nilang ang Diyos at ang Kanyang Salita ay iisa, at hindi Niya Ito magagawang baguhin.

⁷⁴ Kung isang propeta ang lumitaw sa tagpo noong mga panahong iyon at nagbigay ng isang espirituwal na tanda, isang espirituwal na tinig, at ibinigay ang tinig ng Diyos sa likod nito, pagtatawanan lamang nila Ito at gagawin Itong katatawanan.

⁷⁵ Alam ninyo ang matandang kasabihan, “Maglalakad ang mga hangal gamit ang maingay na mga panyapak kung saan kinatatakutang tumahak ng Mga Anghel.” Ganyan ang ginagawa nitong espirituwal na amnesya. Dinadala nito ang mga tao sa isang punto hanggang sa kung saa’y nawawalan na sila ng pakiramdam sa kanilang kalooban. Ayaw na nila ng anumang bagay na espirituwal.

⁷⁶ Ipaghalimbawa n’yo ang isang tunay na espirituwal na pagtitipon, kung saan pinagagaling ng Espiritu Santo ang mga maysakit at kinikilala ang mga pag-iisip na nasa puso, at ilalahad ito sa gitna ng lahat ng mga iglesya, sadyang isang malaking pampublikong pagtitipon dito sa bulwagan, at tingnan n’yo kung ano ang mangyayari. Sa ilang sandali, magsisitayo na ang lahat at magsisialis. Wala silang anumang pakialam dito. Hindi nila nais magkaroon ng anumang kinalaman dito. Makikinig pa sila sa isang intelektuwal na pangangaral.

⁷⁷ Subalit pagdating sa Kapangyarihan ni Jesus Cristo, at ng Kanyang muling pagkabuhay, at ng Banal na Espiritu, ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman Dito, dahil kinokondena sila nito. Nasisilaban sila ng bagay na dapat nilang malaman. Ang walang pagsaway, siyempre, ay maganda sa panahon. Ngunit, ito, kung magbibigay-daan ka rito, ito—maghahatid ito ng mga bunga ng pagsisisi. Kaya nalaman natin, na kapag nahawakan na nitong espirituwal na amnesya ang mga tao, kung gayon sila ay—sila’y nasa isang malalang kalagayan. Ngayo’y nakita na natin ang gayon ding bagay ngayon. Ngayon nais ko na . . .

⁷⁸ Nararapat kayong makilala. Saanman, dapat mong ipakita. Ipinapakita ng buhay mo, ngayong gabi, kung saan ka napagkikilala. Alin man sa napagkikilala ka kay Cristo o labas ka kay Cristo. Wala ka sa kalagitnaan. Walang bagay na gaya ng isang lalaking lasing na mahinahon. Walang itim na puting ibon. Alin sa ligtas ka ba o hindi ka ligtas. Isa ka bang banal o isang makasalanan, alin sa dalawa, at ang espirituwal mong pag-uugali patungkol sa Salita ng Diyos ang magpapakilala sa iyo kung saan ka talaga nakatayo. Tama!

⁷⁹ Ang Salita ng Diyos, pinagtibay, pinatunayan na ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nananatili pa ring gaya nito noong Araw ng Pentecostes o alin pa mang panahon. At si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At ang inyong pag-uugali tungkol Doon ang nagpapakilala kung

kayo ba ay may espirituwal na amnesia, o wala. Tama 'yan. Kahit pa man kayo'y isang diakono, o maging kayo man ay isang mangangaral, wala itong ginagawang. . . Oo, nakukuha nila ito, rin naman. Kaya nalaman natin, na nakakahawa ito at tinatamaan nito ang kabuuang bagay. Ngayon napansin natin.

⁸⁰ Ngayon, para maging isang Amerikano. Para maging Amerikano, kailangan akong makilala kasama ng aking bansa. Ngayon makinig nang mabuti. Para maging isang Amerikano, nang ipanganak ako dito sa bansang ito, ako'y naging isang mamamayan, at nakilala ako kasama ng bansang ito. Lahat ng kung ano ito, ay ako. Lahat ng pinagdaanan nito, ay ako. Sapagkat nakilala ako bilang isang Amerikano, kung gayo'y kailangan kong dalhin ang lahat ng kahihyan nito, lahat ng karangalan nito. Maging anuman ito, ay ako, sapagkat nakilala akong kasama nito. Amen. Nais kong makuha ninyo ito. Nakilala ako bilang isang mamamayang Amerikano, kung gayon lahat ng kung ano ito, ay ako. Lahat ng kung ano ito, ay ako. Dapat akong maging bahagi nito. Kailangan kong. . . kung ako'y isang mamamayang Amerikano, ako ay bahagi ng Amerika. At lahat ng kung ano ito, ay ako.

⁸¹ Hindi ko ito kailanman dapat kalimutan. Kung gusto kong manatiling isang tunay na mamamayang Amerikano, nararapat kong tandaan na ako ang kung ano ang aking bansa, sapagkat nakilala akong kasama ng aking bansa. Ang kalimutan siya, o—o. . . Ang lumaban para sa kanya, o ang mamatay para sa kanya, o ang manindigan para sa lahat ng kanyang pinaninindigan, nararapat akong manindigan para dito. Kung ano ang aking bansa, ay ako. Kung ano ang pinaninindigan nito, maninindigan ako para dito. Upang maging isang tapat na Amerikano, magiging handa akong mamatay para dito, makipaglaban para dito, manindigan para dito, gawin ang anumang kailangan. Bahagi ako nito. Hindi mo ito masasaling nang hindi mo ako sinasaling. Kapag nagsabi ka ng isang bagay na laban dito, sinabi mo ito laban sa akin, sapagkat isa akong Amerikano. Ang sabihin ito laban sa iyo, bilang Amerikano, at kung ano ang sabihin nila laban sa bansang ito, ay sinabi nila laban sa iyo, sapagkat bahagi ka nito. Huwag na huwag ninyong kalilimutan iyon; kapag nakalimutan ninyo, kung gayo'y nagka-amnesia na kayo, sigurado nga.

⁸² At, tandaan, hindi na kayo mamamayan pa ng Amerika kung hindi ninyo kayang maging bahagi nito. Nararapat ngang maging bahagi kayo. Kung ano ang pagka-Amerikano, nararapat din namang maging kayo. Nararapat akong makibahagi sa kanya. Ito ang bansa ko, nararapat akong makibahagi sa kanya. Kung ano siya, ay ako. Kita n'yo, kung ano siya noon, ay ako. Maging ano man siya noon, ako pa rin kung ano siya.

⁸³ Upang maging isang Amerikano, dumating ako noon sa Plymouth Rock, kasama niya, kasama ng mga ninuno. Kinailangan ko; bahagi niya ako. Naglakbay akong kasama noon ni Paul Revere, upang babalaán siya hinggil sa mga panganib sa kanya. Kung ako’y isang tunay na mamamayang Amerikano, dumating ako noon sa Plymouth Rock. Naglakbay akong kasama noon ni Paul Revere, upang babalaán siya hinggil sa panganib sa kanya. Nauunawaan n’yo na ba kung ano ang ibig kong sabihin ngayon?

⁸⁴ Tinawid ko noon ang nagyeyelong Delaware, kasama ni George Washington, na kasama ang kanyang mga nakayapak na mga sundalo. Naroon ako, sapagkat nakilala akong kasama ng bansang ito. Ang ginawa niya roon ay bahagi ko; ang ginagawa ko ngayon ay bahagi niya. Nakilala akong kasama noon ni Washington, doon sa Delaware.

⁸⁵ Tumayo akong kasama ni Stonewall Jackson, gayong ang kalamangan na matalo siya ay napakalaki, at kanilang itinanong, “Paano mo nagagawang tumindig na parang isang batong pader, gayong malaki ang kalamangan na matalo ka?” Ang munting kiming lalaking may asul na mga mata’y isinipa ang kanyang bota dito sa alikabok, sabi niya, “Hinding-hindi ako umiinom ng tubig hanggang sa mapasalamatan ko muna ang Makapangyarihang Diyos para dito.” Kinakailangan kong tumindig na gaya ng isang batong pader kasama niya. Tumayo ako roong kasama ni Stonewall Jackson. Upang maging Amerikano, ako’y nakilalang kasama niya at ng kanyang paninindigan. Tinatawid ang Delaware! Nakikipagbaka sa mga labanan!

⁸⁶ Itinaas ko ang bandila. Kasama nila ako noon nang kanilang itaas ang bandila sa Guam. Matapos na ibigay ng libu-libong mga Amerikanong sundalo ang kanilang buhay, at nang tumakbo patungo doon ang munting grupong iyon at itaas ang bandila, nakilala ako sa pagtataas ng bandilang ’yon; bawat isa sa atin. Lahat ng mamamayan ng Amerika ay nakilalang kasama ng bandilang iyon na nakawagayway doon sa Guam. Nang marinig ko na nailagay na nila ang bandila doon, umagos ang luha sa mga pisngi ko. Ako iyon. Kayo iyon. Iyo’y nangangahulugang tayong lahat, nang tayo’y makilala roong kasama niyon.

⁸⁷ Lahat ng kung ano siya, ay ako. Lahat ng kanyang kaluwalhatian ay kaluwalhatian ko. Lahat ng kahihyan niya’y kahihyan ko. Kung gumawa siya ng mga nakahihyang bagay, kung gayo’y kailangan ko siyang tingnan. . . tiisin ang kanyang kadustaan. Kapag tumatanggap siya ng kaluwalhatian, tumatanggap ako ng kaluwalhatian kasama niya, dahil nakilala akong kasama niya. Ngayon, upang makilala, kinakailangang tumayo ng Amerikano para sa lahat ng kahihyan ng Amerika, sa lahat ng kaluwalhatian ng Amerika,

sa lahat ng kung ano siya noon. Lahat ng kung ano siya ngayon, o kung magiging ano siya, kinikilala kang kasama nito.

⁸⁸ Ngayon, upang maging isang tunay na Cristiano, kinakailangan mo ring maging gayon. Hindi natin nais kalimutan iyon. Lahat ng kung ano Siya, ako'y nakilalang kasama Niya. Ako'y nakilalang kasama Niya.

⁸⁹ Pansinin, at Siya ay nasa akin, at ako naman ay nasa Kanya. Pansinin, kung gayon, bawat Cristianong isang totoong tunay na Cristiano—Cristiano, ay kasama na Niya noon pa, “Nang magsiawit na magkakasama ang mga bituin pang-umaga at ang mga anak ng Diyos ay naghiyawan sa kagalakan, bago pa man ang pagkakatatag ng sanlibutan.” Nakilala na tayo sa walang-kamatayang kahariang kasama ng Diyos, sampung milyong taon bago pa man maanyuan ang daigdig. Naroon na akong kasama Niya noon. Kung mayroon akong Buhay na Walang Hanggan, naroon na akong kasama Niya noon. Nakilala na akong kasama Niya, “Nang magsiawit na magkakasama ang mga bituin pang-umaga at ang mga anak ng Diyos ay naghiyawan sa kagalakan.”

⁹⁰ Kasama Niya ako nang Kanyang tawagin si Abraham sa edad na—na pitumpu't limang taong gulang, at ang kanyang asawa'y animnapu't lima na, at sinabi sa kanyang sila'y magkakaanak. Kasama niya ako nang manindigan siya sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON, “Magkakaanak ako.” Tumayo akong kasama niya. Lahat ng iba pang Cristiano'y tumayong kasama niya. Ako'y kasama niya nang dumating sa kanya ang mga tukso. Ako'y kasama niya nang magtungo siya roon sa ituktok ng bundok, upang ihandog si Isaac. Ako'y kasama niya nang lumitaw yaong lalaking tupa.

⁹¹ Kasama ako ni Jose noon nang siya'y itakwil ng kanyang mga kapatid, dahil siya'y espirituwal at ang iba pa sa kanila'y karnal. Kasama niya ako nang mabatid niya ang kadustaang kailangan niyang tiisin mula sa kanyang sariling mga kapatid. Kung ano siya, ay ako. Kung ano ako, ay siya. “Sapagkat tayong lahat ay isa kay Cristo Jesus.” Ako'y kasama ni Jose sa kanyang yungib, hukay. Kasama niya ako nang siya'y mapunta sa kanang kamay ni Faraon. Kinakailangan ninyong makilalang kasama niya.

⁹² Ako'y kasama noon ni Jacob nang gabing iyon nang makipagbuno siya buong gabi sa Anghel. Ako'y nakipagbuno rin, mismo. Alam ko kung ano ang kanyang pinagdaanan. Kaya nakipagbuno akong kasama ni Jacob nang mismong oras na nakipagbuno siya, sapagkat kapatid niya ako.

⁹³ Kasama ako noon ni Moises nang pumaroon siya sa Egipto. Kasama ako ni Moises doon sa may nagliliyab na palumpong. Kung isa kayong Cristiano, kayo'y nakilalang kasama ng mga tauhang iyon sa Biblia. Huwag n'yong kalimutan iyon! Ako'y kasama noon ni Moises nang ang buong baya'y tumalikod na sa kanya. Kasama ako ni Moises nang tawirin niya ang Dagat

na Pula. Nang kanyang itaas ang kanyang kamay at lumakad pasulong, at bumuka ang Dagat na Pula, nakilala ako kay Cristo noon mismo, at kasama ako ni Moises nang oras na iyon.

⁹⁴ Naging anuman ang bawat Cristiano, naging anuman ang lahat ng mga mananampalataya, ang bawat mananampalataya ngayon ay nakilalang kasama ng mismong taong iyon. Maging anuman ito, nararapat kayong maiugnay. Huwag n'yong kalimutan iyan. Kapag nakalimutan ninyo, kayo'y nagkaroon ng espirituwal na amnesia; nalimutan na ninyo kung sino kayo.

⁹⁵ Ngayo'y nakilalang kasama niya, kasama ni Moises, nang kanyang tawirin ang dagat.

⁹⁶ Ako'y kasama noon ni Elias noong panahon ni Ahab, nang kailanganin nilang gumawa ng pasya kung sino ang kanilang paglilingkuran, ang Diyos ba o si Balaam. Kasama niya tayo noon sa Bundok ng Carmel, nang kailanganin niyang gawin ang kanyang pasya, sapagkat tayo'y nakilala sa Katawan ng siya ring Diyos na pinagkilanlan sa kanya. Kaya kung tayo'y nakilalang kasama sa Katawang iyon, kung gayo'y dapat nating alalahaning naroon tayong kasama niya. Ganoon nga.

⁹⁷ Ngayon, kasama ako noon ni David, nang itakwil siya ng kanyang sariling mga kapatid. Ako'y kasama noon ni David; kayo, rin naman, kung kayo'y isang Cristiano. Kinakailangan ninyong makilala sa pagtatakwil sa kanya.

⁹⁸ Kasama ako noon ng mga anak na Hebreo, sa nag-aalab na hurno, nang ang—ang apoy ay hindi sila magawang tupukin dahil sa Presensiya ng ikaapat na Tao.

⁹⁹ Kasama ako noon ni Daniel, sa lungga ng mga leon. Nakilala ako roon sa loob, nang kilalanin siya ng Anghel ng Panginoon doon sa loob.

¹⁰⁰ Lubos akong nakatitiyak na kasama Niya ako noon sa Kalbaryo. Kinakailangan akong makilalang kasama Niya sa Kalbaryo. Kinakailangan kong maparoon sa isang dako, na, hindi lamang kung saan ako rin nama'y kasama Niya sa Kalbaryo, namatay din akong kasama Niya sa Kalbaryo. Bawat Cristiano'y kinakailangang mamatay na kasama Niya sa Kalbaryo. Kung hindi kayo namatay na kasama Niya sa Kalbaryo, hindi kayo maaaring maging sa Kanya. Naroon ako nang mamatay Siya. Namatay akong kasama Niya. At pagkatapos ay kasama Niya ako nang Siya'y bumangon mula sa mga patay. Bumangon ako noong umaga ng Muling Pagkabuhay kasama Niya, sa pagkabuhay na mag-uli. Anuman ang Kanyang ginawa, ako'y naroon mismong kasama Niya noon; ganoon din ang bawat mananampalataya.

¹⁰¹ At ngayon ako'y nakaupo nang kasama Niya sa Makalangit na Mga Dako kay Cristo Jesus, na ang lahat ng kapangyarihan ng impierno ay nagapi na, sa pamamagitan Niya. Ang bawat

mananampalatayang Cristiano’y naupo rin namang gayon, dahil kinakailangan ninyong makilala.

¹⁰² Ngayon nasumpungan ko ang sarili ko, sa huling mga araw na ito, na kasama ang karamihan sa mga nagsisisampalatayang mga Cristiano, na nakilala sa Kanyang ministryo. “Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Nasumpungan ko ang sarili ko, sa panahong ito, na nakilala sa Kanyang ministryo. Nasumpungan ba ninyo ang sarili ninyo sa gayong paraan, nananampalataya rito, lumalakad na kasama nito? Pansinin, ang mga gawang Kanyang ginawa, sinabi Niyang gagawin ng mananampalataya ang gayon ding bagay. “Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” Kung gayo’y makikilala ba kayong kasama Niya? Kung gayon kapag dumating ba ang kadustaan sa Salita, kaya n’yo bang tiisin ang pagkadustang iyon na gaya ng ginawa Niya, kita ninyo, makilalang kasama Niya? Ako’y nakilalang kasama Niya.

¹⁰³ Kasama Niya ako noong Araw ng Pentecostes. Ako’y kasama ng mga alagad sa itaas roon, nakilalang kasama nila sa bautismo ng Banal na Espiritu.

¹⁰⁴ Iniisip ko kung hindi kaya meron nang labis na amnesia ang iglesya ngayon na anopa’t hindi na nila, ang iba sa kanila, ay ni hindi na naniniwala na may ganoong bagay gaya ng Banal na Espiritu. Nakita ninyo kung saan na napunta ang iglesya? Isang napakalala nang kaso ng amnesia! Kita n’yo, nakalimutan na nila na iyon si Jesus Cristo noon doon. Nakalimutan na nila kung ano si Jesus Cristo. Nakalimutan na nila. Inakala nilang Siya lamang ay isang—isang tagapagbigay ng batas, o isang propeta, o isang—isang mabuting tao. Nakalimutan nila na Siya ay ang Diyos. Nakalimutan nila na Siya ay ang siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman. At nagkaroon ang iglesya ng isang malalang kaso ng espirituwal na amnesia. Nakalimutan na nila ang lahat ng mga bagay na ito. Hindi na nila Ito maunawaan.

¹⁰⁵ Tiyak na kasama na tayo noon ng mga alagad sa Pentecostes, na nakilalang kasama nila. Nakilala akong kasama ng sermon ni Pedro noong Araw ng Pentecostes, sa Mga Gawa sa ika-2 kabanata. Narinig ko kung ano ang kanyang sinabi. Sinasampalatayanan ko ang kanyang sinabi. Tumalima ako sa sinabi niya. Ngayon ako’y nakilala sa gayon ding bagay.

¹⁰⁶ Huwag magkaroon ng espirituwal na amnesia. Pagkat, kayo’y magiging, maipapakilala ninyo ang inyong sarili sa kung anong iba pang bagay. Manatili lamang sa Salitang iyon!

¹⁰⁷ Kasama tayo ng Iglesya nang atasan ito noon ni Jesus Cristo, sa mga gawa, sa ika-16 na kabanata. “Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang.” Nais kong makilala roon, “Sa buong sanlibutan, sa bawat nilalang.” “Lalaki ang mga tandang ito sa mga nananampalataya,” makikilala doon.

108 Buweno, ngayon, nakilala ba kayo doon, o nagkaroon na kayo ng isang espirituwal na amnesya, na anopa't napagtanto ninyo na hindi pala ninyo pinaniniwalaan na ang mga tandang iyon ay magsisilakip sa mga mananampalataya? Kita n'yo, kung hindi ninyo ito pinaniniwalaan, kung gayo'y mayroon kayong espirituwal na amnesya, kita n'yo, nakalimutan na ninyong ipinangako iyon ng Diyos. Sinabi Niya, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga nananampalataya." Huwag itong kalimutan. Hindi ninyo ito magagawang kalimutan at maging isang Cristiano. Kinakailangan ninyong makilalang kasama nito.

109 Kinakailangan ninyong makilalang kasama ng San Juan sa ika-14 na kabanata, sa ika-12 talata. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay kanya rin namang gagawin." Huwag itong kalimutan. Kung nakalimutan ninyo, kung gayon ay mayroon kayong espirituwal na amnesya. Nakalimutan n'yo na kung sino kayo. Nakalimutan n'yo na kung ano ang kahulugan ng inyong patotoo.

110 Paano naman ang tungkol sa, Kanyang sinabi na, "Kung kayo'y mananatili sa Akin, at ang Aking Salita ay mananatili sa inyo, ay maaari ninyong hingin ang anumang inyong ibig at ito'y gagawin para sa inyo"? Napagkilala ba kayo roon, ang sampalatayanan na iyon ay ang Katotohanan? Sa Marcos 11, nang Kanyang sabihin, "Kung iyong sabihin sa bundok na ito, 'malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa iyong puso, kundi manampalataya na mangyayari ang iyong sinabi, ay makakamtan mo ang iyong sinabi." Mapagkikilala ka ba roon, ang sampalatayanan na iyon ay ang Katotohanan? Kung hindi, kung gayo'y nagkakaroon ka na ng espirituwal na amnesya.

111 At—at nakakalimutan n'yo, nawawala ang inyong pananatili bilang Cristiano. Hindi ninyo masabi kung saan kayo nabibilang. Sasabihin ninyo, "Methodist ako. Baptist ako. Iyon ang pagkakaalam ko rito. Pentecostal ako. *Ganito* ako, *ganoon*, o ang *iba* pa." Magbantay! Maaaring nangangahulugan iyon na ang tanda ng sakit ay nakikita na sa inyo, na kayo'y mayroon nang kung anong espirituwal na amnesya.

112 Sasabihin ninyo, "Buweno, Kapatid na Branham, ako—naniniwala ako *dito*, at ako—ako'y hindi halos..." Ngayon sandali lamang. Kung ipinangako ng Diyos na gagawin ang mga bagay na ito, at sinabing ang mga iyon ay mapapasahuling panahon, at inilalayo kayo rito ng inyong kredo, iyo'y isang mainam na tanda na nakikita ko ang tanda ng sakit sa inyo. Ito'y espirituwal na amnesya. Nakalimutan ninyong kilalanin ang inyong sariling kasama ang Salita.

113 Sasabihin n'yo, "Hindi ako naniniwala na gumagaling ang mga maysakit." Mayroon kayong espirituwal na amnesya.

114 Sasabihin n'yo, "Hindi ako naniniwala sa bautismo ng Banal na Espiritu." Espirituwal na amnesya!

115 Sasasabihin n'yo, "Ako—hindi ako naniniwala na ipinangako ng Diyos na gagawin ang mga bagay na ito sa mga huling araw." Kung gayo'y nakinig ka sa isang kredo, o sa kung anong doktrina, sa halip na sa Biblia. Mayroon kang espirituwal na amnesia. Hindi mo alam kung saan ka nabibilang kung gayon. Nagpapahayag kang, "isang Cristiano," at itinatangi ang Salita. Dinadala ka mismo pabalik sa espirituwal na amnesia, kita n'yo, hindi mo alam kung saan ka nakatayo. Mayroon kang espirituwal na amnesia. Hindi mo kayang kilalanin ang iyong sarili sa Mga Kasulatan.

116 Kinakailangan ninyong makasama sa mga alagad. Kinakailangan ninyong makasama sa buong Kasulatan, kasama ng Iglesya nang ito'y atasan. Ngunit, ngayon, nang atasan ang Iglesya, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo; lalakup ang mga tandang ito sa mga nananampalataya," iyon ang iniatas sa kanya. Ngayon mayroon silang . . . Iyon ang atas.

117 Ngunit nagkaroon na sila ng isang malalang kaso nitong espirituwal na amnesia, sadyang gaya ng nakuha ni Eva doon . . . sa kanya, doon sa halamanan, isang araw. Ngayon siya'y gaya ng Israel, na dumaranas ng ganoon ding sakit, isang allergy mula sa isang pagkaing pang-seminaryo na magdudulot sa inyo ng espirituwal na amnesia. Kumuha ka ng pagkaing pang-seminaryo, at magkakaroon ka ng allergy, at pagkatapos, bigla mo na lang malalaman, nagkaroon ka na pala ng amnesia na talagang malubha na. Hindi ka na naniniwala sa anumang sinasabi ng Biblia.

118 Iyon ang problema sa iglesya ngayon. Iyon ang problema kaya hindi natin magawang magkaroon ng rebaybal ngayon. Iyon ang problema sa mga tao ngayon. Lubos na silang nalulong sa mga alab ng lahat ng bagay, at bawat ismo na maaaring lumitaw, hanggang sa hindi na nila alam kung ano ang tama at mali. Tumpak nga. Hindi na niya maalala ang kanyang Panginoon. Hindi na niya maalala ang Kanyang Salita. Hindi na niya maalala ang pangako.

119 Sadyang iyon ang problema sa Israel, nang dumating sa tagpo si Jesus. Hindi nila maalala, na, "Isang birhen ang maglililihi." Hindi nila maalala na sinabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw ng isang Propetang tulad ko." Nagkaroon na sila ng espirituwal na amnesia.

120 Iyon nga ang eksaktong kinahantungan ng iglesya ngayon. Sinabi niya, "Mangyayari sa mga huling araw," na ang mga bagay na ito ay magaganap, na nakikita nating nagaganap, at nakaupo ang iglesya na kasing patay ng alas-dose. Ano ba iyon? Espirituwal na amnesia. Tinatawag natin ang ating mga sarili na Pentecostes, at hindi magawang kumilala, at hindi makilala ang ating sarili sa Salita gayong Ito'y ipinangaral sa kapangyarihan

ng muling pagkabuhay ni Cristo; at Siyang naririto sa ating kalagitnaan, na ipinamamalas ito, at isinasagawa nang tumpak sa kung ano ang Kanyang sinabing gagawin Nito. Kung gayon, mag-ingat kayo, ang ating sistemang maka-denominasyon ay dinala na tayo sa espirituwal na pagka-amnesya. Dumaranas na tayo ng sakit. Hindi natin alam kung saan tayo nabibilang. Ang isa'y dinadala ang kanyang mga papel mula sa *ganitong* iglesya patungo sa *ibang* iglesya, at sa *ganitong* iglesya, at sa *ganitong* ismo at *ganoong* ismo. Kita n'yo?

¹²¹ Ang kailangan nating, muli, ay isa pang Amos na darating sa tagpo, na may dalang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tatanggapin ba natin siya? Halos katulad lang ng ginawa nila. Ni hindi nila siya tinanggap. Hindi nila siya tatanggapin ngayon. Ni hindi nga siya makatutungtong sa isang lugar, halos, upang mangaral. Ngayon, tumpak na tumpak iyon, dahil ang iglesya'y dumaranas na nitong espirituwal na amnesyang ito.

¹²² Ngayon, bakit? Ipinangako ng Diyos sa mga huling araw na ito, “Kapag nahayag na ang Anak ng tao,” ayon sa Lucas, ika-17 kabanata, “sa tanda na nangyari noon sa Sodoma, ay muling magaganap.” At nakita ito ng mga taong naganap, at ang ilan sa kanila'y ni hindi ito pinaniniwalaan. Iniisip nilang telepatiya ito. Iniisip nilang isa itong espiritu ng diablo. Ano ba iyon? Dumaranas sila ng sakit na espirituwal na amnesya. Tumpak nga. Hindi nila maunawaan ang Panginoon. “Si Jesus Cristo ay ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Kung ano Siya noon, ay Siya ngayon.

¹²³ Subalit, ang nangyari na, sadyang hindi na mapagkilala ang ating sarili sa Salita. Bakit? Siya, hindi na niya alam kung isa ba siyang samahan o kung isa ba siyang iglesya. Hindi niya gustong tawagin siyang isang samahan, at hindi siya maaaring tawaging isang iglesya; dahil, ang matawag na isang iglesya, ay ang makilala ang kanyang sariling kasama ni Cristo. Iyon ang nagbibigay sa kanya ng espirituwal na amnesya. At hindi niya gustong tawagin siyang isang samahan. Kaya hindi ito ang iglesyang Pentecostal, ang iglesyang Methodist, ang iglesyang Baptist; ito'y ang samahang Pentecostal, samahang Methodist, at samahang Baptist, dahil hindi siya mapagkilala sa Salita. At nang ang Salita ay mahayag, hindi pa rin nila Ito pinaniniwalaan. Isa itong sakit, espirituwal na amnesya. Hindi makilala ang kanilang mga sarili; hindi nila alam kung saan sila kabilang. Tama 'yan.

¹²⁴ Sadyang gaya lamang ito ng pagha-hybrid ng isang bagay. Gaya nga ng madalas kong sabihin, “Iniisip ko sa tuwinang isa sa pinakahangal na mga bagay na nakita ko ay ang isang mola.” Kita n'yo, isa siyang hybrid. Kita n'yo, ang ina niya ay isang kabayo, at ang ama niya'y isang buriko, at ni hindi niya alam kung saan siya kabilang. At malalaman mo na lang, ika'y, ikaw—magagawa mo siyang palahian at makakuha ng isang buriko,

at pagkatapos . . . o makakuha ng isang mola, subalit hindi na muling makapapalahi pa ang mola ng sarili nito. Kita n'yo, hindi niya magawa. Hindi mo siya matuturuan ng kahit ano. Matigas ang ulo niya. Hindi ka makapagsasabi ng anuman . . . Maiaayos mo ang malalaking mahahabang mga taingang iyon. At maghihintay siya hanggang sa pinakamahabang araw ng kanyang buhay, sadyang bago siya mamatay, para masipa ka. Ganoon lang. Naghihintay siya sa tuwina ng isang bagay upang maiputok ito sa iyo, kung magawa niya.

¹²⁵ At nakapagpapaalala iyan sa akin ng tungkol sa napakaraming mga naturingang Cristianong hybrid. Ginawa na nilang hybrid ang iglesya hanggang sa sila'y nagkasakit na ng espirituwal na amnesia. Hindi na sila makapagpapalahi pang muli.

¹²⁶ Nag-uusap sila tungkol sa hybrid na mais. Ang hybrid na mais ay walang kabuluhan. Iyon ang pinakamasamang bagay na maipapasok ninyo sa inyong bibig, ang anumang bagay na hybrid. Iyon ang dahilan kaya kailangan ninyong alagaan itong mga halamang naka-hotbed, at hybrid na tanim, at wisikan ito at pa-doktoran ito at sanggul-sanggulin ito. Bakit? Dahil hindi nila ito mapanatiling malayo sa mga insekto.

¹²⁷ Subalit ang isang tunay, na lahing-puro, hindi n'yo na kailangang maglagay pa sa kanya ng pamatay-mikrobyo. Mayroon na siyang Kapangyarihan sa loob niya, para mapanatiling malayo sa kanya ang mga insekto. Iyon lamang ang kailangan para mapanatiling malayo ang mga insekto ng kawalang pananampalataya sa isang tunay na taong tunay na puspos ng Espiritu.

¹²⁸ Ipagpahalimbawa ang isang matandang mola, at pumaroo't kausapin siya, sabihin, "Hoy, ikaw, gusto kong gawin mo ang *ganito*, *ganyan*."

¹²⁹ Mananatili siya roon, "Haw! Haw! Haw!" Panay ang pagtaas-at-pagbaba ng malalaking taingang iyon. Nakakita na ako ng—ng maraming mga Cristianong para bang ganoon, 'yung naturingan.

¹³⁰ Sabihin mo, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, at magpakailanman. Lalakip ang mga tandang ito sa mga nananampalataya."

¹³¹ "Huh? Naniniwala akong lipas na ang mga araw ng himala. Huh? Huh? Huh?" Kita n'yo, hindi niya alam kung ano ang pinaniniwalaan niya. Wala siyang anumang alam. Hindi niya alam kung saan siya nanggaling; hindi niya alam kung saan siya patungo. Mayroon siyang amnesyang kabayo. Hindi niya alam kung saan siya nanggaling, at hindi na siya makalalayo pa.

¹³² Subalit gusto ko ang isang tunay na lahing-puro. Oh, maamo siya. Makakausap mo siya. Alam niya kung sino ang kanyang tatay, kung sino ang kanyang nanay, kung sino ang kanyang lolo

at kung sino ang kanyang lola. Mayroon siyang mga kasulatan ng tala-angkanan upang ipakita kung saan siya nanggaling.

¹³³ At gusto ko ng isang Cristianong may tala-angkanan, na magagawang makatunton pabalik sa Salita ng Diyos, hanggang sa araw ng Pentecostes, at kilalanin ang kanilang mga sarili doong kasama ng mga banal, kung saan ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay dumating sa kanila. Iyo'y isang Cristianong may tala-angkanan. Alam niya kung saan siya nanggaling. Hindi siya napagkilalang kasama ng Methodist, Baptist, o anopamang iba. Nakilala siya sa Salita ng Diyos. Alam niya kung saan ang mismong kinatatayuan niya. Ang maharlikang Dugo ng kanyang Ama ay dumadaloy sa kanya; ang Dugo ni Jesus Cristo. Nalalaman niya kung ano ang ginagawa Nito! Sinasampalatayanan niya ang bawat Salita. Kumikilos ang Diyos sa pamamagitan niya at kinukumpirma ito sa pamamagitan ng mga tanda na Kanyang ipinangakong lalakip. Wala siyang kahit anong espirituwal na amnesya. Isa siyang tunay na lahing-puro. Gusto ko iyon.

¹³⁴ Ngunit ang iglesya sa ngayon ay nagkaroon ng isang malalang kaso ng espirituwal na amnesya. Hindi nito alam kung saan ito nakabilang. Nakalimutan na nito ang lahat ng tungkol Dito, nakalimutan na ang lahat ng mga bagay na ito na nagpapaging Iglesya rito.

¹³⁵ Ano ba ang sa ati'y lubos na nagpayaman na gaya natin ngayon? Napunta na itong muli sa kalagayan ng Laodicea, bumalik doon sa kalagayang pagka-mayaman gaya ng Israel noon. Noong ito'y dukha pa at kailangang magtiwala sa Diyos para sa lahat ng bagay na magagawa nito, lahat ng bagay na nakamtan nito, pinagtiwalaan nito ang Diyos; pagkatapos ang Diyos ay kasama nito, at ito'y espirituwal, at sumulong. Subalit nang yumaman na ito, heto kung ano ang nangyari: itinayo ang kanilang mga bayan, at ang mga kababaihan nila'y naging imoral, pinahintulutan ito ng kanilang mga kalalakhian, ibinaba na ng kanilang mga mangangaral ang pamantayan, at kanila nang tinuligsa ang mga propeta. At ganoong kalagayan ang kanilang kinasadlakan. Ang nagdulot niyon, ay ang pagkalimot sa kung saan nagmula ang mga biyayang iyon.

¹³⁶ At kayong mga Methodist, at kayong mga Baptist, at kayong mga Presbyterian! Kayong mga Methodist ay matatandaan si John Wesley. Kayong mga Baptist! At iniyakan ni John Smith ang mga kapakanan ng mga tao hanggang sa kailanganin pa siyang akayin ng kanyang maybahay sa lamesa, na ang kanyang mga mata ay nakapikit na sa pamamaga, dahil sa pag-iyak at pananalangin buong gabi. Ano ba'ng nangyayari?

¹³⁷ Sinabi ni John Wesley na isa sa mga dakilang bagay... Sa palagay ko'y isa sa mga ama ng sinaunang Methodist ang nagsabi, "Ang kalapastanganan ng mga

anak ng iglesyang Methodist, ay ang pagsisimulang maging napakamakasanlibutan na, nangagsusuot na sila ng mga singsing sa kanilang daliri.” Ano pa kayang sasabihin niya ngayon, na mga nangakasuot na ng shorts?

138 Anong nangyari? Espirituwal na amnesya. Tumpak nga kung ano ito, nakalimutan na kung saan ka nagmula. Tinaglay mo ang lahat ng mga bagay na ito dahil ang kaloob, kabutihan ng Diyos ang gumawa nito sa iyo.

139 Iniisip mo bang isa itong kakatwang bagay? Ito’y talagang ayon sa Espiritu ni Jesus Cristo, ang propesiya. Sa Apocalipsis, sa ika-3 kabanata, sabi dito, “Sapagkat sinasabi mo, ‘Ako’y mayaman, hindi ako nangangailangan ng anumang,’ at hindi nalalamang ika’y dukha, bulag, aba, kahabag-habag, hubad, at hindi ito nalalaman.” Kita n’yo, hindi ito nalalaman! Ano iyon? Espirituwal na amnesya. Hindi nila ito nalalaman.

140 Nasa mga iglesya na ang—ang pera ngayon. Wala nang iglesya, halos, sa bansa, na isang maka-denominasyon, kundi yaong nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar. Nagtatayo ng milyun-milyon at milyun-milyong dolyar para sa mga gusali at mga gayong bagay, at nangangaral na nalalapit na ang pagparito ng Panginoon. “‘Mayaman’ at sabi, ‘wala na akong kailangan pa.’” Ang pinakamahuhusay na mga edukadong mangangaral na mayroon sila, ay higit ang nalalamang teolohiya kaysa ano pa man na kailanma’y nalaman nila. At nasa kanila ang pinakamalaking mga gusali, ang pinakapiling mga lugar sa lungsod. Nakuha na nila ang karapatan sa anumang bagay na gusto nilang gawin. At pagkatapos ano ang ginawa nila? Nagkaroon ng espirituwal na amnesya at nakalimutan na na ang Diyos ang siyang gumawa niyon para sa kanila, gaya ng Israel.

141 At nagpropesiya ang Biblia, isinugo ni Jesus Cristo ang Kanyang anghel kay Juan at sinabi, na itong huling kapanahunan ng iglesya’y magkakaroon nitong espirituwal na amnesya. Sila ay “aba,” alalahanin. Inaakala nilang sila’y bigatin. Inaakala nilang may kung anong meron sila. Subalit sinabi Niyang sila’y “kahabag-habag, aba, dukha, bulag, hubad, at hindi ito nalalaman.” At wala nang anumang paraan para pagsabihan sila.

142 Ngayon, kung narito sa lansangan ang isang lalaki, na naging kahihiyang, o isang babae, na hubad, nasa lansangan, bulag, magiging isang kahabag-habag na anyo ang mapasa ganoong kalagayan. Ngunit gayunman kung nasa tamang pag-iisip sila, alam kung sino sila, na isa silang tao, at dapat sana’y may suot na damit; buweno, lumabas kayo roon; sila’y—sila’y mga tao, na dapat sana’y napagkikilanlan sa lahi ng tao; at naroon, na “aba, kahabag-habag, bulag, at hubad.” At pumaroon kayo sa kanya, sabihing, “Kapatid na lalaki, nakahubad ka.”

143 “Ngayon, heto! Ako si Doktor *Ganito-at-ganoon!* Pakialaman mo na lang ang sarili mo. Sinasabi ko na sa iyo, kaanib ako sa *Ganito-at-ganoon!* Wala kang anumang pakialam, ikaw na holy roller, para pagsabihan ako ng kahit ano!” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

144 Sabihin sa kanila na, “Mali para sa lalaki na gawin ang ganito, at para sa mga tao na gawin ang mga bagay na kanilang ginagawa.”

145 At ipapaalam nila sa inyo na malawak ang pang-unawa ng kanilang mangangaral. Kita n’yo? Ano ba ito? Ito’y, nakalimutan na nila ang mga utos ng Panginoong Jesus. Pagkatapos hayaan Siyang bumaba at gumawa ng mga tanda at mga kababalaghan na Kanyang sinabing gagawin Niya, hindi nila ito gustong paniwalaan. Ito’y espirituwal na amnesia. Kita n’yo, nakalimutan na nila! At sila’y hubad, at hindi ito nalalaman, hindi ito napagtatanto.

146 Iniisip nila, “Basta dahil kaanib ako sa iglesia, iyon lang ang mahalaga.” Oh, kapatid na lalaki, walang anumang kabuluhan ’yon sa Diyos kung paanong ganoon din sa Kanya ang pagiging isang Mason o ano pa mang iba, alin mang ibang samahan. Ang mapaanib sa iglesia, iyon ay walang anumang kabuluhan sa Diyos.

147 Kinakailangan ninyong maging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Kinakailangan ninyong maipanganak ng Diyos, at ang Diyos ay ang Salita. Nang maging bahagi ako ng aking ama, ako’y naging ang kabuuan ng aking ama. Kapag kayo’y naging bahagi ng Diyos, kayo’y nagiging Diyos, sa kabuuan. Ang buong Salita Niya, sasampalatayanan mo ang lahat ng Ito.

Espirituwal na amnesia!

148 Paano kung hindi ninyo alam ang inyong pangalan sa kung ano ito? At kung kayo nga, magmumula kayo sa isang mabuting pamilya, na hangad kong kayo nga, kung nagmula kayo sa isang mabuting pamilya ng mga tao, at paano kung nakalimutan ninyo ang naturang pangalan ng pamilya, at lumabas kayo rito, na namumuhay nang ka-hiya-hiya? Sasabihin nila, “Hindi ba’t Jones ang apelyido mo,” o kung anuman ito. “Naku, hindi ko alam kung sino ako.” Kita n’yo? Siyanga, kita n’yo, isang nakapangingilabot na bagay para mangyari, isang nakapangingilabot na kalagayan para kahantungan.

149 Buweno, sadyang diyan humantong ang iglesia. Dapat sana’y kinatawan ito ni Jesus Cristo. Subalit nalimutan na nito iyon, sapagkat mayroon na itong, itinurok dito, na mga kredo at mga denominasyon, na kanila iyong tinanggap na sa halip na ang Salita. “At sila’y hubad, bulag, kahabag-habag, at hindi ito alam,” at walang ano mang paraan para pagsabihan sila.

¹⁵⁰ Maaaring hindi na ako muli pang mapunta sa Birmingham, subalit ito ang isang beses na kanilang maririnig ito. Kita n'yo? Kita n'yo? Tama. Ako lang. . . Wala akong pananagutan sa anumang bagay kundi sa paghahasik lang ng Binhi. Idinidirekta Ito ng Diyos sa lupa kung saan ito nararapat magtungo.

¹⁵¹ Nakalimutan na, oo, nakalimutan na nila ang Salita ng pangako. Nakalimutan na nila. Nasa ganoong uri ng kalagayan noon ang Israel nang dumating si Jesus. Nakalimot na ito. Tumingin sila, oh, sinabi nilang naniniwala silang mayroong darating na isang Mesiyas. Subalit nang dumating ang Mesiyas at ipakilala ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Salita, napakarami na nilang mga sali't saling sabi hanggang sa gawin na nilang walang kabuluhan ang Salita ng Diyos.

¹⁵² At nangako si Jesus, sadyang bago ang huling panahon, "Gaya ng sa Sodoma noon, ay magiging gayon din ito." At ito'y magiging isang napagkilanlan, at lubha nang nakabase sa tradisyon ang mga tao hanggang sa gawin na nilang walang kabuluhan ang pangako ng Diyos, sa pamamagitan ng kanilang tradisyon. Espirituwal na amnesia! Espirituwal na amnesia kung ano nga ito talaga. Kita n'yo, nakalimutan na nila ang mga bagay na ito.

¹⁵³ "Oh, kaanib ako sa *ganito*. Ako—ginawa ko ang *ganito*. Nagsayaw na ako sa Espiritu. Ginawa ko ang *ganito*." Buweno, naku, naku, wala itong anumang kinalaman dito, wala talaga.

¹⁵⁴ Papaano kayo magiging isang Cristiano at itatangi ang Salita? Hindi ninyo ito magagawa. Ang Diyos ang Salita. Kung ang Salita ay nasa inyo, kayo at ang Salita ay iisa. Lahat ng Salita, ay ikaw. Amen. Kung nabubuhay ako sa henerasyong ito, kung ano ang bahaging ito ng Salita na ipinangako para sa henerasyong ito, kinakailangan kong maging gayon. Kung ako'y magiging isang Cristiano, kinakailangan kong mapagkilanlang kasama ng lahat ng ipinangangaral at pinaninindigan ng Biblia.

¹⁵⁵ Aleluya! Tatawagin din naman akong isang holy roller, gayunman, at relihiyoso talaga ang pakiramdam ko ngayon. Siyanga, po.

¹⁵⁶ Kinakailangan kong makilala kasama ng lahat ng bagay na sinasabi ng Biblia. At binibigyan Nito ito ng mga karapatan, at, kung hindi pa ako dinadapuan nitong makabagong panahong espirituwal na amnesia, ako'y mapagkikilanlan at maaaring mapagkilanlang kasama Nito. Kung aking tinatanggihan Ito, kung gayo'y mayroon akong espirituwal na amnesia; may kung anong nangyari, tumanggap ako ng isang kredo o isang doktrina, o kung anong iglesya o isang grupo ng tao. "Hindi ko ito magagawa," gayong ang Salita ay dumarating ano't ano pa man at ipinakilala ang Sarili Nito.

157 Iyon ang dahilan kaya hindi nakilala si Jesus. “Oh,” sasabihin nila, “buweno, banal ang taong ito, at ang aming banal na pari, ang banal naming *ganito*.”

158 At sinabi ni Jesus, “Kayo’y sa inyong ama, ang diablo, at ang kanyang mga gawa ang nais ninyong gawin.”

159 Alam n’yo bang si Cain ay naghandog ng isang mabuting hain, din naman? Tapat siya, nagtayo ng isang altar, lumuhod at sumamba, at naghandog ng isang hain, at nanalangin sa Diyos. At kung, ang Diyos, ay iyon lamang ang hinihingi, na kayo ay umanib sa iglesya at magkaroon ng altar, at magbigay ng inyong ikapu at magsimba, at ang mamuhay ng isang mabuting buhay; kung iyon lamang ang Kanyang hinihingi, hindi Siya makatuwiran noon sa paghatol kay Cain, pagkat ganoon din mismo ang kanyang ginawa. Siyanga, po. Tumpak nga.

160 Ngunit ang *relihiyon* ay nangangahulugang “isang pantakip,” at hindi kayo matatakpan sa pamamagitan ng inyong sariling mabubuting gawa. Mayroon lamang nag-iisang bagay na tatanggapin ang Diyos, at iyo’y ang Dugo ni Jesus Cristo. Iyon lamang ang tanging pantakip. Maliban pa Doon, kung inyong sasabihin, “Tuparin ang kredo,” espirituwal na amnesia! Iyon ang nangyari.

161 Ngayon pansinin, nakalimutan na nila ang Salita na para sa kanila. Nakalimutan na nila ang Biblia. Nakalimutan na nila ang pangako. Pinipilit nilang mamuhay sa isang nakasisilaw na liwanag ng kung ano noon ang Methodist, kung ano noon ang Baptist, kung ano noon ang kung sino pang iba. Narito ang pangako ng panahong ito, at ipinangungusap Ito ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita, at muling kinukumpirma at pinapatunayang ganoon nga Ito, at hindi pa rin nila Ito pinaniniwalaan. Espirituwal na amnesia! Talagang tama iyan. Lubos, lubos na mga may amnesia, lubusan nang hindi Ito pinaniniwalaan.

162 Isang sundalong Pranses. Kinuwentuhan ako ng isang munting kuwento; bago tayo magtapos. Hindi ko alam na ganoon na pala kalalim ang gabi, at mayroon pa akong mga sampung pahina ng mga tala rito na natira; sa ibang pagkakataon na ito talakayin. Pansinin, isang sundalong Pranses. Meron silang isang pangkat ng mga sundalo sa hukbo, at nagkaroon sila nitong amnesia. Dahil ito sa pagkasindak, doon sa digmaan. At nagkaroon sila ng isang programa, at sila—nanawagan sila at hinayaang bumisita ang mga taong may nawawalang mga mahal sa buhay at pinatingnan kung kaya nilang kilalanin ang mga lalaking ito. Wala nang pag-asa pa para sa mga ito, marahil isa o dalawa, mula roon, ang nakilala. At pagkatapos ay dinala na nila ang lahat ng iba pa sa mga ito, kanilang dadalhin ang mga ito sa isang sanitaryum, kung saan nila kakailanganing manatili sa nalalabi pang buhay nila.

163 Papaakyat sila sa may gilid ng burol, ang tren na papaakyat noon; at huminto sila sa isang istasyon, pinalabas ang mga lalaking iyon at pinag-unat-unat ng kanilang mga binti. At lumabas doon sa may burol ang mga bantay, upang bantayan sila, dahil sa kung may amnesia, aba, sila—kailangan nila silang bantayan.

164 Kaya binantayan nila ang isang kabataang lalaki roon, lumabas siya at nagsimulang tumingin-tingin doon sa tangke ng tubig, tiningnan ang buong paligid ng burol. Kinuskos niya ang kanyang mukha at siya'y nangilala. At muli siyang tumingin, at nakita niya 'yung tangke ng tubig. Tumingin siya sa buong paligid ng istasyon, at nagsimula siyang maglakad. Sa halip na pigilan siya ng bantay, sinundan siya nito.

165 Nagtungo siya sa ituktok ng burol, bumaba sa isang makipot na daanan, lumiko sa kanan at umakyat doon sa isa pang maliit na burol, at nakarating sa isang munting dampang kahoy. Tumingin siya. Palabas doon sa portiko, isang matandang lalaking may tungkod sa kanyang kamay, ang lumabas at yumakap sa kanya. Sabi, "Anak ko, alam kong babalik ka. Ang sabi nila sa akin ay patay ka na raw, pero alam kong babalik ka." At bumalik sa kanyang sarili ang naturang lalaki. Nawala na sa kanya ang kanyang amnesia. Nakikilala na niya kung sino siya. Alam niyang ama niya iyon.

166 Oh, sundalo ng Krus, na sinindak sa napakaraming pagsasanay, napakaraming mga paninindak ng denominasyon at kredo, at mga bagay ng sanlibutan, bakit hindi ka lumabas sandali at tumingin-tingin sa Biblia? Magmuni-muni, at baka masumpungan mo ang iyong sariling napagkikilala rito sa Salita, bilang isang mananampalataya, isa sa mga araw na ito. Maaaring hindi mo pa Siya kilala. Baka makabalik ka sa iyong sarili, gaya ng ginawa ng alibughang anak, at masumpungan ang iyong sarili. Baka matagpuan ninyo ang inyong pagkakakilanlan sa Mga Salita ng Diyos.

167 May isang nagsabi, noong isang araw, kamakailan, sabi, "Pero, Kapatid na Branham, tingnan mo kaming mga taong Pentecostal, gaano kagagandang mga iglesya mayroon kami. Aba, kami, mayroon kaming sinanay na mga ministro."

168 Makinig, kapag pinakasalan ng isang lalaki ang isang asawang babae, hindi siya nagtitiwala sa ganda nito. Hindi. Nagtitiwala siya sa katapatan ng pangako nito, ng salita nito. Hindi siya nagtitiwala sa ganda nito. Nagtitiwala siya sa katapatan nito.

169 At ganyan nga kapag ikinasal kayo sa Diyos, hindi kayo nagtitiwala sa kung anong malaki't magandang iglesyang inyong maitatayo, kundi sa pangako na ginawa ni Jesus Cristo, na, "Ako ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Sumasampalataya ba kayo diyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Iyukod natin ang ating mga ulo sandali.

¹⁷⁰ Iniisip ko, sa gabing ito, dito sa loob ng gusali kung saan nangakaupo ang mga tao, kung saa'y mayroong mga kalalakihan at mga kababaihan na Walang Hanggan, mga taong nakatalagang patungo sa Walang Hanggan, at alam ninyong balang araw o sa iba pa man ay kakailanganin ninyong katagpuin ang Diyos. At iniisip ko kung mayroon kayong taglay na katiting na hininga ng amnesyang iyon, at kayo'y magiging. . . Napagkilala kayo sa maling bagay, at kayo'y—tila ba nais ninyong magmuni-muni, ngayong gabi, at alamin kung hindi ba kayo maaaring mapagkilala kay Cristo Jesus? Maaari bang itaas ninyo ang inyong kamay, sabihin, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham, ako—nais kong makilala bilang isang tunay na Cristiano, isang tunay na mananampalataya." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain kayo! Oh, siyanga, saan man. Pagpalain kayo ng Panginoong Diyos.

¹⁷¹ Kung mayroong isa doon sa balkonahe, sabihin mo, "Kapatid, sumasampalataya talaga akong iyon ang Katotohanan. Sumasampalataya ako, bilang mga Cristiano, hindi tayo mga Cristianong gaya nila nang nagdaang mga taon."

¹⁷² Paano naman kayo mga taga-Pentecostal, nang ang inyong mga ina at mga ama'y dating tumatayo dito sa may lansangan, at pinatutunog ang isang lumang tamburin. At ang inyong ina, kung paano niya kinailangan. . . kinailangan niyang mahapo, at magpakahirap kasama kayong mga mumunting bata. Kung minsa'y kinailangan ninyong manatiling walang damit, at lahat na ng iba pa, subalit si itay at si inay ay tapat sa Layunin, ang iangat si Cristo.

¹⁷³ Tingnan kung anong ginawa ninyong mga Pentecostal. Noong nakaraang limampung taon, lumabas kayo ng organisasyon. Iyon ang nagpaging Pentecostal sa inyo, inyong inihawalay ang inyong sarili sa mga di-mananampalataya. "At gaya ng baboy sa lubluban nito, at ng aso sa suka nito," muli kayong nagsibalik at ginawa ang gayun ding bagay, gumawa ng gayun ding uri ng kaguluhang inyong nilabasan. Ano'ng problema? Kumalat ang espirituwal na amnesia sa kalagitnaan ng mga tao. Mayroon na kayong mga kredo at mga maka-denominasyong papeles n'yo ngayon, at naroon na kayo mismong kasama ng iba pa sa kanila, gusto nang maging katulad ng lahat ng iba pa sa kanila. Pinahintulutan na ninyo ang inyong mga kababaihan na putulan ang kanilang buhok, maglagay ng mga kolorete. Kayo, pinahihintulutan na ninyo silang gawin ang lahat ng mga bagay na ito, pinahihintulutan ang lahat na ng

mga bagay na ito sa—sa mga iglesya. Ano ba ito? Espirituwal na amnesya.

¹⁷⁴ Pagkatapos, malalaman mo na lang, kapag nagsimula nang dalawin ng Diyos ang mga tao, pagkatapos ano ang nangyayari? Hindi ninyo ito magawang tanggapin. Kita n'yo, malubha na kasi ang karamdaman ninyong amnesyang iyan, kita n'yo, ang nag-iisang bagay na kailanma'y narinig ninyo. Hindi n'yo ba naisip na dapat kayong lumabas sa kredong iyan kahit sandali man lamang at damputin ang Biblia, at ang makita kung ano sana ang dapat pagkakilanlan sa isang Cristiano? “Lalakip ang mga tandang ito sa mga nananampalataya!”

¹⁷⁵ Mga Gawa, sinabi ni Pedro, “Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Banal na Espiritu; sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Kapag sinabi nila sa inyong hindi ganoon Iyon, kung gayo'y mayroong isang malalang kaso ng amnesya ang inyong pastor. Hindi niya makita ang kanyang sariling napagkikilalang kasama ng Iglesyang iyon; na hindi organisasyon; isang Iglesya, isang mistikal na Katawan ni Cristo.

¹⁷⁶ Ngayon naririto ang Banal na Espiritu. Naririto Siya upang gawin kung ano ang sadyang eksaktong ipinangako Niyang gagawin. Ngayon habang kayo'y nariritong nangakayukod ang inyong mga ulo, magpatuloy lamang sa pananalangin. Hayaang ang Espiritu Santo ang mangusap, Mismo. At makita kung ito . . . Nalalaman iyan ninoman, ang pangako, kung ano ito para sa panahong ito. Ngayon kayong nasa pangangailangan, ngayong gabi, kayo, marami sa inyo ang nagsipagtaas ng inyong mga kamay. Bago ninyo gawin iyon . . .

¹⁷⁷ Iniisip ko, habang naririto tayo at tunay na nananalangin para sa mga maysakit, iniisip ko kung magagawa ninyong lumayo sa kawalan ng pananampalatayang iyon, sa denominasyong iyon, sa kredong iyon na nagsasabi sa inyong hindi ganoon ang mga bagay na ito, yaong isa na nagsasabi sa inyong Ito'y sa diablo. Kapag kanilang ginawa 'yon, “Hindi na sila patatawarin pa, sa mundong ito o sa mundong darating.” Paano kung Ito nga ang Katotohanan? Isipin lamang, papaano kung Ito nga, kung gayon nasaan na kayo? Kita n'yo, hindi ninyo ito kailangang isatinig; sampalatayanan lamang ito sa inyong puso. At mayroong mga tao ritong sumasampalataya doon. Nanatili na ako rito mismo, sa loob ng huling dalawang gabi, nagpapagal sa ilalim ng isang bagay, na sadyang, naku, pinipigil at kinakagat ang aking dila, para hindi ko na ito matawag mismo.

178 At alalahanin, kaibigan, ito’y sa pagitan mo na at ng Diyos. Paano kung mali iyon, at iniisip mo ang gayon? Alam mo kung ano ang mangyayari, hindi ka na mapapatawad pa rito. Espirituwal na amnesya, tuluy-tuloy ka nang magtutungo sa iyong Walang Hanggang kamatayan, kawalang pananampalataya. “Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na!”

179 Ngayon manalangin para sa inyong karamdaman, sabihin, “Panginoong Jesus, ipinangako Mo po. Ako . . .”

Mayroon marahil ilang mga estranghero rito, na hindi pa nakakapunta rito dati.

180 Ipinangako ni Jesus, “Kung paano ang nangyari,” kukuha ako ng isang Kasulatan, “noong panahon ni Lot,” nang ang Diyos ay mahayag sa isang katawan na laman; at ang mga tao, si Abraham, ang pangkat na hinirang, ang tinawag na pangkat. At binago ang pangalang Abram sa Abraham, pagkatapos ay kanyang nakitang naging laman ang Salita, at nakilala Nito ang mga pag-iisip na nasa puso ni Sarah.

181 At nang ang Maharlikang Binhi ni Abraham ay dumating, ganoon ang Kanyang ginawa, at tinawag nila Siyang “isang diablo.”

182 Sinabi Niya, “Ngayon kapag dumating ang Banal na Espiritu, ay gagawin ang gayon ding bagay.” Sabi, “Ngayon ay mayroon pang kapatawaran nung tinawag ninyo Ako ng ganyan, subalit, kung kayo’y mangagsalitang laban sa Banal na Espiritu, ay wala nang kapatawaran pa.”

183 Ngayon nawa Siya, sa Kanyang Kapangyarihan, ay pumarito sa mga taong ito na tagapakinig, saan man kayo naroroon, at gamit ang Kanyang espirituwal na pagkilala’y ipakita na Siya ay ang Salita. Nang sa gayon kung mayroon man ditong dumaranas ng sakit na amnesya, na sila’y hindi . . . hindi na magkaroon pa ng dahilan, bago gawin itong pagtawag sa altar.

184 Tulungan nawa ng Panginoong Diyos. Ngayon habang nakayukod ang inyong mga ulo, na nananalanging may pagpipitagan.

185 Kita ninyo, may isang binibining nakaupo rito sa harap ko. Nakataas sa kanyang mukha ang kanyang mga kamay. Naghihirap siya sa isang kalagayan sa gulugod. At mayroon din siyang nerbiyos. May sakit siya sa sikhura. At nakaupo siya rito ngayon sa harap ko. At malalaman niya marahil, hindi siya nagmula sa lalawigang ito. Tagaroon siya sa isang siyudad na tinatawag na Macon. Oo. Naniniwala ka bang maaaring sabihin sa akin ng Diyos kung sino ka? Ikaw si Binibining Ayers. Kung tama iyan, itaas mo ang iyong kamay. Isa akong estranghero sa iyo. Totoo iyon, hindi ba? Wala na ngayon ang iyong sakit. Si Jesus Cristo; nahipo mo ang Kanyang damit. Pinagaling ka Niya. Ngayon sampalatayanan lamang ito.

¹⁸⁶ May isang lalaking nakaupo sa may likuran ng gusali. Hinahangad niya ang bautismo ng Banal na Espiritu. Ninanais niya ang bautismo ng Espiritu. Nakatayo siya rito sa harap ko. Hindi siya tagarito, rin. Siya ay taga-Carolina, Charlotte. Lepoe ang kanyang pangalan. Sumampalataya nang buong puso mo, at pupuspin ka ng Diyos ng Banal na Espiritu, aking—aking kapatid, kung sasampalatayanan mo ito.

¹⁸⁷ Dito, sa bandang kanan ko, narito ang isang—isang lalaki at ang kanyang asawang nakaupo mismo ritong direktso sa harapan ko. Isa itong matandang mag-asawa, sa kanan ko. Ang babae ay naghihirap sa isang kalagayan sa bituka. Ang kanyang asawa’y may sakit sa puso. Hindi sila tagarito. Taga-Tennessee sila. G. at Gng. Thomas, kung sasampalataya kayo nang inyong buong puso, itaas ang inyong mga kamay at maaari n’yo nang tanggapin ang inyong kagalingan. Pinagaling na kayo ni Jesus Cristo. Iyon mismo ang ipinangako Niyang gagawin. Subalit hindi ko pa nakita sa tanang buhay ko ang mga taong iyon.

Espirituwal na amnesia!

¹⁸⁸ Sinabi ni Jesus, “Ang mga gawang ginagawa Ko ay inyo ring gagawin. Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; gayunma’y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako,” panghalip panao, “ay sasa inyo, sa inyo mismo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan.” “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

¹⁸⁹ Ngayon, sa mga kalalakhian at kababaihang naririto, na sadyang may kung anong problema sa inyo, na sadyang hindi ninyo lamang makita kung paano. . . Kayo, nais ninyong maniwala, subalit sadyang hindi kayo makapasok dito, at nais ninyo na maipanalangin, nais ninyo Siyang tanggapin habang kayo’y nasa Kanyang Presensiya, maaari ba kayong lumapit at tumayo dito mismo sa tabi ko, hayaan akong manalangin at magpatong ng mga kamay sa inyo. Kung makakalapit kayo dito mismo ngayon, kayong naghihirap nang gayon, sa espirituwal na amnesia, at nais na maipanalangin, na kayo’y mapalaya na mula doon. Kung hindi kayo isang—hindi isang mananampalataya, subalit gustong maipanalangin, lumapit dito at tumayo. Pagpalain ka ng Diyos, binata. May lalapit pa ba? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Halikayo. Pagpalain ka ng Diyos, batang binibini. Mayroon pa bang lalapit? Magsilapit kayo, tumayo rito, ngayon na.

¹⁹⁰ Espirituwal na amnesia, ayokong masalot niyan. Huwag nawang ipahintulot ng Diyos. Hayaan ako—hayaan akong mamatay sa kamatayan ng isang—ng kahit anupaman, ngunit huwag akong hayaang mamatay ng ganyang kamatayan na bilang isang di-mananampalataya.

¹⁹¹ Magsilapit kayo, tanggapin n’yo Siya ngayon. Maaari n’yo ba itong gawin? Lumapit na, at lumapit na buhat diyas sa

balkonahe, mga kaibigan. Ilang hakbang lamang pababa rito, at maaari itong mangahulugan ng kaibahan sa pagitan ng kamatayan at Buhay, sa inyo.

¹⁹² Tingnan n'yo, hindi ko kayang pagawin si Cristo ng anuman. Hindi kailangang gumawa ni Cristo ng anuman maliban sa isang bagay: kailangan Niyang tuparin ang Kanyang Salita. Kinakailangan Niyang gawin iyon upang maging Cristo, maging Diyos. Kinakailangan Niyang tuparin ang Kanyang Salita.

¹⁹³ Ngayon alalahanin, kung hindi kayo tiyak sa inyong karanasan, bakit hindi magsibaba rito ngayon. Kung kayo'y kaanib lamang sa isang denominasyon, kung kayo'y isang apong Pentecostal, ang Diyos ay walang mga apo. Mayroon Siyang mga anak na lalaki at mga anak na babae, subalit walang mga apong lalaki at babae. Kita n'yo? Walang ganoon ang Diyos. Mayroon lamang Siyang mga anak na lalaki at mga anak na babae, at alam ninyong hindi kayo ganoon.

¹⁹⁴ Nagsalita na marahil kayo sa iba't ibang wika, nagsisayaw na marahil kayo, marahil ay nagawa na ninyo ang lahat ng *ito*. Ayos lang iyon. Wala akong anumang laban dito. Ngunit kung taglay pa rin ninyo iyang espirituwal na amnesia, bumaba na, at lumapit dito at tumayo dito. Manalangin tayo tungkol dito. Anong masasabi ninyo? Miyembro ng iglesya, isa lamang—isa lamang naturingan na miyembro ng iglesya, bakit hindi kayo magsiparito at alisin na natin iyon ngayon.

¹⁹⁵ Hindi ko gustong lisanin ang Birmingham dito, at nalalamang balang araw, kapag dumating na ang Paghatol, at kakailanganin ko nang tumayo sa panahong iyon sa inyong harapan. . . Tandaan, makikita ko kayong muli. Kung hindi ko na kayo makita pa rito sa ganito, o aking makikita kayo sa Paghatol at kakailanganin kong managot para sa sinabi ko ngayong gabi.

¹⁹⁶ Ngayon makinig. Magsipagsisi, mga kaibigan! Magsipagsisi, lumabas na rito. Lumabas na kayo diyan. Lumapit na ngayon.

¹⁹⁷ Iyan ay dapat nang magawa ng bawat babaeng gupit ang buhok sa lalawigang ito, o sa dakong ito, na mapalapit dito ngayon. Talagang tama iyon. Iyon, na wala kayong sapat na kaluwagáng-loob para talagang masabi, “Ako—ako—ako—gusto ko, gusto kong pahabain ang aking buhok, Kapatid na Branham.” Ito'y dapat. . . “Kinakailangan kong. . . Buweno, wala akong kaluwagáng-loob para magawa ito.”

Aba, sasabihin n'yo, “Meron ba iyang anumang kinalaman dito?”

¹⁹⁸ Dito hindi pa katagalan, isang talagang kilalang ministro ang lumapit sa akin, at sabi, “Gusto kitang patungan ng mga kamay, Kapatid na Branham.” Sabi, “Kinikilala ka ng lahat bilang isang propeta.”

Sabi ko, “Hindi ko kailanman sinabing isa akong propeta.”

¹⁹⁹ Sabi niya, “Pero kinikilala ka ng mga tao na gayon. Lagi mong pinatatamaan ang mga kababaihang iyon, tungkol sa pagsusuot ng shorts,” at—at, oh, na isang lalaking Pentecostal. At sinabi, “Tungkol sa pagsusuot ng shorts, at pagpapaputol ng kanilang buhok, at mga gayong bagay.” Sabi, “Hindi mo na gawain ’yon.”

Sabi ko, “Kaninong gawain ’yon kung ganoon?”

²⁰⁰ At sabi niya, “Ang mga taong iyon, bakit hindi mo turuan ang mga babaeng iyon kung paano maging, magkaroon ng mga dakilang espirituwal na kaloob, at tumulong sa mga tao, sa halip na pilitin na . . .” Sabi, “Kinikilala ka nila. Kung ano ang sabihin mo sa kanila, paniniwalaan ka nila.” Sabi, “Bakit hindi mo sabihin sa kanila kung paano makakuha ng mga dakilang kaloob at ang tumulong sa mga tao, sa halip na hatulan sila palagi?”

²⁰¹ Sabi ko, “Papaano ko pa sila tuturuan ng algebra kung ABC lang ay hindi pa nila matutunan?” Kita n’yo? Kita n’yo?

²⁰² Kinakailangan ninyong magsimula sa ibaba, ang magsisi o mamatay! Ngayon maaari ninyong gawin kung anong gusto n’yo, magsisi o mamatay! Malinaw na ipinakilala na ni Jesus Cristo ang Kanyang Sarili dito, gabi-gabi. At ito ang gabi na tayo’y lumilipat na para sa kaligtasang ito. Ilang hakbang lang naman paakyat dito, at marami pa akong oras upang maghintay.

²⁰³ Tandaan, Birmingham, wala sa akin ang inyong dugo. Inosente ako. At kung nasa inyo talaga ang Banal na Espiritu, may pagkakataon na kayong lumapit ngayon. At kung dumaranas kayo ng kung anong uri ng isang iglesya-nidad na nagdulot sa inyo ng pagkakaroon ng espirituwal na amnesya, bakit hindi kayo magsilapit? Si Jesus ang lunas. Maaari bang magsilapit kayo?

²⁰⁴ Ngayon ilang tao ang umalis ng balkonahe. Hinihintay ko upang makita kung nasaan na sila, kung lalabas ba o lalapit sa altar. Ang mga ito dito sa ibaba, magsiparito na sa palibot. Siyanga. Kayong mga naririto, magsiparito’t tumayo sa palibot ng altar, sabihin, “Tapos na ako rito.” Oo, magsisiparito sila, dalawang binibini. Mabuti ’yan.

²⁰⁵ Magsiparito na kayo ngayon. Sadyang ilang hakbang lamang mula rito. At maaaring magdulot ng kaibahan ang mga hakbang na iyon.

²⁰⁶ Ngayon, tumingin, mayroon akong gustong itanong sa inyo. Paano kung dumating nga Siya sa gabing ito? “Oh,” sasabihin, “hindi Siya darating.” Hindi ko alam kung Siya nga o hindi. Ito ang huling tanda. Alalahanin, GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Narinig n’yo na ba akong nagsabi ng gayon kundi yaon lamang kung ano ang totoo? Nakikita n’yo na ang huling tanda para sa inyo. Nasa Kasulatan iyon. Nakita n’yo na ang

huling tanda para sa inyo, Pentecost. Huwag nang maguluhan pa ngayon sa kung ano ang ipinangako Niya sa Israel pagkatapos ng Pag-agaw; hindi kayo iyon. Wala na kayo, sa panahong iyon. Kita n'yo? Ngayon na ang panahon ninyo. Ngayon na ang para sa inyo na tanda. Ngayon na ang inyong oras. Huwag n'yo Itong tanggihan. Huwag n'yong gawin iyon. Maiging lumapit na kayo. Naniniwala ba kayong lingkod ako ng Diyos? Tandaan.

²⁰⁷ Birmingham, hindi pa ako nakakatagpo ng higit na kalugud-lugod na mga tao. Kayo ang pinakakalugud-lugod na mga taong ibig kong makilala sa buhay ko, subalit kailangan ninyo ng isang rebaybal. Nag-aagaw-buhay na kayo. Nagkakaroon na kayo ng espirituwal na amnesya. Nag-aagaw-buhay na kayo. Huwag n'yong gawin iyon. Buhayin kung ano ang taglay n'yo na. Muli itong buhayin, nang madali, bago pumarito si Jesus.

²⁰⁸ Sige, habang sila'y...Magpatuloy sa paglapit. Hayaan lamang silang patuloy na magsilapit hanggang sa makuha natin lahat, ng tinatawag ng Panginoon, banda rito. Magsilapit na ngayon.

²⁰⁹ Alisin n'yo na ang amnesyang iyon. Ang dakilang Manggagamot ay naririto na ngayon upang pagalingin iyon, alisin iyon sa inyo. Pinatunayan na Niya na naririto Siya. Ilan ang makakikilala niyon, sa pamamagitan ng pagtataas ng inyong kamay, sabihin, "Tunay na sinasampalatayanan ko iyon; na sinabi Niyang gagawin Niya ito"? Kita n'yo? Ngayon naririto Siya. Kita n'yo? Kita n'yo? Sumampalataya kayo.

²¹⁰ At ilan ang nakakaalam na sinasabi ko sa inyo ang katotohanan, na kayo'y nag-aagaw-buhay na at nangangailangan ng isang rebaybal? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Katotohanan ito.

²¹¹ Kalugud-lugod kayong mga tao. Wala ka nang masusumpungang mas hihigit pa. Wala nang mas hihigit pa sa pintig ng mga puso, kaysa sa ilalim nitong mga damit ng mga taga-Katimugang naririto. Siyanga, mga totoong tao! Subalit, mga kapwa ko, maiging gumising na kayo, agad mismo! [Binabayo ni Kapatid na Branham ang pulpito—Pat.] Sa oras na hindi ninyo iniisip, maaari itong mangyari. Maaaring hindi ito mangyari; hindi ko alam.

²¹² Subalit, tandaan, dumarating na sa inyo ang huling babala sa inyo, kaya tumakas na habang may panahon pa kayo upang tumakas. Magsilapit na ngayon. Hangga't nagsisilapit sila, mananatili akong naghihintay, sapagkat maaaring mayroong...Katumbas ng sampung libong mundo ang isang kaluluwa. At hangga't napapahinuhod ang mga tao... .

²¹³ Nais ko itong makitang maging isang napakalaking rebaybal na magsasaayos sa bawat iglesyang narito sa palibot; kung inyong tatapusin na ang inyong mga pagkakaiba at aalisin ang lahat ng pagkamakasaring iyon, at tatanggapin ang Banal na

Espiritu. Sinasabi ninyong pinaniniwalaan ninyo Ito. Sinasabi ninyong pinaniniwalaan ninyo Ito, at, nang pumarito Ito upang ipakilala ang Sarili Nito, saka kayo maghihiwa-hiwalay. Bakit hindi ipakipagkaisa ang ating mga puso sa Salita ng Diyos at sampalatayanan ang Katotohanan? Iyon dapat. Patuloy lamang kayong mamamatay, nang mamamatay, at magtutungo mismo kayo papasok sa Laodicea. Eksakto sa kung ano ang ipinangako Niya, Ito'y magiging gayon nga. Maaari bang magsilapit na kayo ngayon? Ngayon na ang araw. Ngayon na ang panahong kanais-nais. Masdan kung ano ang gagawin ng Espiritu Santo.

²¹⁴ Ngayon nais kong pumarito ang lahat ng mga ministro, na nagmamalasakit sa mga taong ito, na magsipanalanging kasama ko, rin. Magsipunta kayo rito, lahat ng mga ministrong nagmamalasakit sa mga taong ito. Magsiparito kayo, magsiparito lang agad sa palibot, at magsilapit sa gitna ng mga tao, ang ministro o isang personal na manggagawa, isang mabuting personal na manggagawa, isang kababaihang nais tumayong kasama ng mga kababaihang ito ngayon. Sasampalataya ako, nang buong puso ko, na paparito ang Banal na Espiritu sa dakong ito mismo ngayon at sadyang ipakikilala ang Kanyang Sarili sa gitna ng lahat ng mga taong ito.

²¹⁵ Ngayon hayaang turuan ko ang mga taong ito rito, muna. Ngayon, mga kaibigan, anuman ang dahilan ng inyong ipinarito, ay alam Niya. At mapapatunayan ko ito sa inyo, kukuhanin Nito, isa-isa, dadalhin kayo rito sa entablado ito, at walang isa mang bagay na hindi Niya ipahahayag. Ngayon iyo'y mula pa noong ako'y isang munting bata. Walang alinlangan sa kaloob na iyon. Ngunit ang tanong ay, kaya n'yo ba itong tanggapin? Sinasampalatayanan n'yo ba ito? Ngayon naririto Siya. Buweno, kung naririto Siya, kung gayo'y mayroon lamang nag-iisang bagay, tinutupad Niya ang Kanyang Salita. Kung gayo'y sampalatayanan lamang na makakamit ninyo ito, at tanggapin ito, at tumayo at sabihin, "Panginoong Diyos, naririto po ako upang tanggapin ito," at manatili lamang diyan hanggang sa mangyari iyon.

²¹⁶ Gaya ng sinabi ni Buddy Robinson minsan, doon sa isang taniman ng mais. Sabi niya, "Panginoon, kung hindi Mo po sa akin ipagkakaloob ang Banal na Espiritu, sa Iyong pagbabalik ay makasumpong Ka ng isang salansan ng mga butong nakahimlay dito mismo." Talagang seryosong-seryoso siya. At hindi ka makakatanggap ng kahit ano mula sa Diyos hanggang sa sapat na ang pagkadesperado mo.

²¹⁷ Ngayon, napansin n'yo ba ang pananim ngayon, napansin n'yo ba ngayon kung ano ang ginagawa natin? Tayo, sa katunayan, mayroon na tayong sapat na Diyos sa atin hanggang sa kung saan sa pagparito natin sa entablado, ay sinasabi natin, "Oo, marahil nga'y maiging lumapit na ako." Ngayon ito ay karanasang pangbuong mundo. "Oo, mabuti ngang

pumaroon na ako at tumayo.” Sabihin, “Buweno, buweno, hindi ko alam. Narito na ako, kita n’yo.” Hum! Anong punto na maaaring makahinatnan mo! Walang apoy na nag-aalab. Walang kasigasigan. Walang isang “dapat makapasok na talaga Rito!” At, bilang isang ebanghelista, sadyang nasasaktan akong makita ang mga tao ng Diyos sa ganoong kalagayan. Dapat sana’y nag-aalab tayo.

²¹⁸ Subalit, nakita ninyo, ano ba iyon? Ito ang eksaktong sinabi ko sa inyo. Apocalipsis 3, “Ikaw ay malahininga. At,” sabi Niya, “sapagkat ikaw ay malahininga, kung gayon ay isusuka Kita mula sa Aking bibig.” Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen”—Pat.] Iyon ang sinabi Niya. At, kung sinabi Niya iyon, iyon ang Kanyang gagawin. Kaya huwag tayong maging ganoong mga tao.

²¹⁹ Narito kayo, na nangangailangan. Kunin na natin Ito, o mamatay na, mismo rito. Siyanga. Kunin na natin Ito, o mamatay na.

²²⁰ Ngayon, mahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung makabababa lamang ako at matutulungan kayong gumawa ng anuman, tiyak na gagawin ko ito. Ngayon, sa pamamagitan ng isang kaloob, masasabi ko sa inyo kung ano ang ipinunta ninyo rito. Masasabi ko sa inyo kung ano’ng, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, masasabi sa inyo kung ano ang inyong ipinunta, kung ano ang inyong nagawa, kung ano ang mangyayari sa hinaharap, o anumang ganoon; subalit hindi iyon ang magsasaayos nito. Kinakailangan ninyo Itong tanggapin, kayo mismo. Kinakailangang kayo ito!

²²¹ Ngayon handa na ba kayo? Itaas ang inyong kamay, sabihin, “Handa na ako. Handa na akong mamatay dito mismo.” Ngayon huwag n’yo itong gawin libang totoo ito sa inyo. “Handa na akong mamatay dito mismo, o makuha ang nais ko mula sa Diyos.” Amen. Talaga bang handa na kayo? [Ang kongregasyon ay nangagagalak at nangagsasabi, “Amen.”—Pat.]

²²² Kung gayo’y magsitayo ang mga tagapakinig, sa lahat ng dako. Ngayon sama-sama, sama-sama, pagkaisahin natin ang ating mga sarili. Manalangin tayo. At tayo lamang ay. . . Kayong mga ministro ay lumapit na ngayon sa mga taong ito rito, bawat isa, at inyong ikinakatawan ang mga kamay ni Cristo ngayon.


²²³ Kayo na naghahangad ng Espiritu Santo, kayo na nagnanais ng karanasang iyon, hindi isang kagalakang emosyonal; nais ninyo ang Banal na Espiritu, ang Buhay, ang binhi ng Buhay sa loob ninyo. Nais na ninyong mawala ang amnesyang iyon na nagiging sanhi ng inyong—inyong hindi pagkakilala sa inyong sarili; hindi ninyo alam kung saan kayo nakatayo; hindi ninyo alam kung ano kayo; alisin na natin ito ngayon mismo! Mayroong bagong Kapanganakan dito para sa inyo, isang totoong, tunay na bagong Kapanganakan.

²²⁴ Ngayon ipatong natin ang ating mga kamay sa mga taong ito. Ating, bawat isa, itaas ang ating mga kamay at manalangin nang may pagkakaisa.

²²⁵ Makalangit na Ama, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ipagkaloob po, Panginoon, na sa Pangalan ni Jesus Cristo, na ang Banal na Espiritu ay pumarito ngayong gabi, ngayong Sabado ng gabi, kung saan bumaba ang Banal na Espiritung gaya ng isang rumaragasang malakas na hangin. Mabautismuhan nawa ang mga taong ito tungo sa Banal na Espiritu. Huwag nawa silang lisanin ng Apoy at Kapangyarihan ng Diyos. Kung narito sila sa kinaumagahan, manatili nawa sila, manatili hanggang sa mapuspos ng Banal na Espiritu.

²²⁶ Ganyan ang layunin! Ganyan nga! Hayan na Ito. Iyon ang Banal na Espiritung nagpupuspos.

[Kinakausap ni Kapatid na Branham ang isang tao habang nililisan ang pulpito—Pat.] Nagawa ko na ito. Alam ko iyon.

Iyon lamang. Sampalatayanan Ito ngayon! Tanggapin Ito! Mapuspos ng Kanyang mga pagpapala. [Patuloy na nananalangin at nagagalak ang kongregasyon.] 

ESPIRITUWAL NA AMNESYA TAG64-0411
(Spiritual Amnesia)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Abril 11, 1964, sa National Guard Armory sa Birmingham, Alabama, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org